# Hisnul Muslim

## KUTANG-TANGGULAN NG MUSLIM

Mga Panalangin mula sa Kor'an at Sunnah

Isinulat ni:

**SA'EED IBN ALI IBN WAHF AL-QAHTANI**

Isinalin sa Wikang Tagalog ni:

ABDULKHALIQ SHARIF SARIPADA

Iwinasto ni:

DAUD M. ANGNI

TAGALOG 0401015

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & GUIDANCE AL- SULAY, RIYADH
P.O.BOX 1419 ZIP CODE 11431, TEL.NO (01) 2410615 -FAX (01) 2414488-232
E.mail : sulay@W.CN

شبكة الألوكة
www.alukah.net

www.alukah.net
شبكة الألوكة

# Hisnul Muslim

## KUTANG-TANGGULAN NG MUSLIM

Mga Panalangin mula sa Kor'an at Sunnah

Isinulat ni:

**SA'EED IBN ALI IBN WAHF AL-QAHTANI**

Isinalin sa Wikang Tagalog ni:

**ABDULKHALIQ SHARIF SARIPADA**

Iwinasto ni:

DAUD M. ANGNI

شبكة الألوكة - قسم الكتب

ح دار خالد بن الوليد للنشر والتوزيع ، ١٤٢٥هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

القحطاني ، سعيد بن علي بن وهف

حصن المسلم من أذكار الكتاب والسنة – سعيد بن علي بن وهف القحطاني – الرياض ، ١٤٢٥هـ

٢٨٠ ص ؛ ٨ X ١٢ سم

ردمك : 9960 - 9578 - 7 - X

( النص باللغة الفلبينية )

١ – الأدعية والأوراد ٢ – القرآن – أدعية

أ – العنوان

ديوي ٢١٢,٩٣ ١٤٢٥/٧٦٢٨

رقم الايداع: ١٤٢٥/٧٦٢٨

ردمك: 9960 - 9578 - 7 - X

حقوق الطبع محفوظة للمكتب

www.alukah.net
شبكة الألوكة

بسم الله الرحمن الرحيم

# SA NGALAN NG ALLAH, ANG MAHABAGIN, ANG MAAWAIN

شبكة الألوكة - قسم الكتب

# MGA NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| | Pangunahing Salita | 11 |
| | Ang Kahalagahan ng mga paggunita sa Allah. | 14 |
| 1 | Panalangin sa panahon ng pagkagising. | 23 |
| 2 | Panalangin pagkasuot ng damit. | 31 |
| 3 | Panalangin kapag magsusuot ng bagong damit. | 32 |
| 4 | Panalangin ng isang nakasuot ng bagong damit. | 32 |
| 5 | Ang babanggitin kapag maghuhubad ng damit. | 33 |
| 6 | Ang panalangin bago pumasok sa palikuran. | 34 |
| 7 | Ang panalangin pagkatapos gamitin ang palikuran. | 34 |
| 8 | Ang babanggitn bago umpisahan ang pag-wuwudho. | 35 |
| 9 | Ang babanggitin kapag natapos sa pag-wuwudho. | 35 |
| 10 | Ang babanggitin kapag aalis o iiwan ang bahay. | 37 |
| 11 | Ang babanggitin kapag papasok sa bahay. | 38 |
| 12 | Panalanging kapag pumunta sa Masjid. | 39 |
| 13 | Panalangin pagpasok ng Masjid. | 42 |

www.alukah.net
شبكة الألوكة

pagkain subalit tinanggihan ito.
75 Ang sasabihin mo kapag ikaw ay nag-ayuno at mayroong gustong umaway sa iyo. 204
76 Panalangin kapag nakita mo ang unang bunga ng palmera. 204
77 Panalangin kapag bumahin.. 205
78 Ang dapat banggitin kapag bumahin ang isang kafir sa panahong bumahin at pinuri ang Allah. 206
79 Panalangin para sa bagong kasal. 207
80 Panalangin ng bagong kasal. 207
81 Panalangin bago makipagtalik. 208
82 Panalangin ng isang nagagalit. 209
83 Panalangin kapag nakakita ng isang tinamaan ng kamalasan. 209
84 Ang babanggitin habang nakaupo sa isang pagtitipon. 210
85 Ang babanggitin sa pagtitipon para sa paghingi ng kapatawaran kung may nasabing hindi maganda (Kaffaratul Majlis). 211
86 Panalangin sa isang sinabihan ka na "Nawa patawarin ka ng Allah." 212
87 Panalangin sa isang gumawa sa 212

شبكة الألوكة - قسم الكتب

iyo ng kabutihan.
88 Panalangin para sa panga-ngalaga ng Allah mula sa kasamaan ng Dajjal. 213
89 Panalangin para sa isang nagsabi sa iyo ng "Mahal kita alang-alang sa Allah." 214
90 Panalangin para sa isang nag-alok sa iyo upang bahagian ka sa kanyang kayamanan. 214
91 Panalangin sa isang nagpautang sa iyo ng pera, pagkatanggap nito... 215
92 Panalangin ng dahil sa pagkatakot sa Shirk. 215
93 Panalangin sa isang nagsabi sa iyo ng "Pagpalain ka nawa ng Allah." 216
94 Panalangin sa hudyat ng mga masasamang pangitain. 217
95 Panalangin kapag nakasasakay ng sasakyan o ng hayop. 218
96 Mga panalangin sa pagla-lakbay. 219
97 Panalangin sa pagpasok sa isang bayan o siyudad. 222
98 Panalangin para sa pagpasok sa palingke. 224
99 Panalangin kapag ang iyong sinasakyan o sasakyan ay nag-uumpisa ng masira. 225
100 Panalangin ng naglalakbay para 225

www.alukah.net
شبكة الألوكة
sa kanyang mga iniwan.
101 Panalangin ng mga iniwanan para sa naglakbay. 226
102 Ang Takbeer at Tasbeeh sa Paglalakbay. 227
103 Ang panalangin ng isang naglalakbay sa umaga. 228
104 Panalangin kapag bumaba o nagpahinga pansamantala habang naglalakbay. 229
105 Ang babanggitin habang pauwi mula sa paglalakbay. 229
106 Ang babanggitin kapag may pangyayaring dumating na nakapagpasaya sa iyo o hindi mo nagustuhan. 231
107 Mga kahalagahan ng pagpa-padala ng salawat sa Propeta. 232
108 Mga kahalagahan ng pagbati ng (Salam) kapayapaan. 235
109 Paano sagutin ang isang kafir kapag sinabihan ka ng "Assalamu alaykom". 237
110 Panalangin kapag narinig mo ang tilaok ng manok o hiyaw (iyak) ng asno. 237
111 Panalangin kapag narinig mo ang kahol ng aso sa gabi. 238
112 Panalangin para sa isang napagsabihan mo ng hindi maganda (o insulto). 239
شبكة الألوكة قسم الكتب

| | | |
|---|---|---|
| 113 | Paano purihin ang Muslim ang kapwa Muslim. | 239 |
| 114 | Ang dapat sabihin ng isang Muslim kapag siya ay pinuri. | 241 |
| 115 | Ang Talbiyyah sa Hajj at Umrah. | 241 |
| 116 | Ang pagbanggit ng "Allahu Akbar" kapag dumaan sa Hajar Al-Aswad. | 242 |
| 117 | Panalangin sa pagitan ng Rukn Al-Yamani at Hajar Al-Aswad. | 243 |
| 118 | Panalangin habang nakatayo sa Safa at Marwah. | 244 |
| 119 | Panalanagin sa Araw ng Arafah. | 246 |
| 120 | Panalangin kapag nasa Muzdalifa. | 247 |
| 121 | Ang Takbir sa bawat pagbato sa Jamarat. | 248 |
| 122 | Ang babanggitin kapag nabigla o natuwa. | 249 |
| 123 | Ang babanggitin kapag may pangyayaring nakapagpasiya sa iyo. | 250 |
| 124 | Ang babanggitin kapag mayroon kang nararam-daman sa iyong katawan. | 251 |
| 125 | Panalangin ng sinumang may pangamba na maaaring.... | 252 |
| 126 | Ang babanggitin sa panahon ng pagkatakot. | 252 |
| 127 | Ang babanggitin kapag kakatay ng hayop o hayop pang-alay. | 253 |

www.alukah.net
شبكة الألوكة

| | | |
|---|---|---|
| 128 | Ang babanggitin upang supilin ang balak ng Shaytan. | 254 |
| 129 | Mga pagsisisi (Istighfar) at paghingi ng kapatawaran (Taubat). | 255 |
| 130 | Mga kahalagahan ng Tasbih, Tahmeed, Tahleel at Takbeer. | 259 |
| 131 | Paano pinuri ng Propeta ang | 270 |
| 132 | Allah. | 270 |
| | Mga uri ng kabutihan at magandang pakikitungo para sa lahat. | |
| | BIBLIOGRAPIA | 272 |

شبكة الألوكة - قسم الكتب

بسم الله الرحمن الرحيم

## *PANGUNAHING SALITA*

Katotohanan, ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah. Siya ay ating pinupuri at ang Kanyang tulong ang ating hinahangad. Hinahangad din natin ang Kanyang kapatawaran at tayo ay nagpapakupkop sa Kanya mula sa kasamaan ng ating sarili at mula rin sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinumang Kanyang binigyan ng patnubay ay kailanman hindi maliligaw, at sinumang Kanyang pinayagang maligaw ay kailanman hindi makakakita ng patnubay. Ako ay sumasaksi na walang diyos na may karapatan upang sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah, sa kanyang pamilya at mga kasamahan at para rin sa lahat ng sumunod sa

kanila sa pananampalataya hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Ang aklat na ito ay maiksing kabuuan ng una kong ginawa, *Ath-Thikr wad-Dua wal-Ilaj bir-Ruqa minal Kitab was-Sunnah*. Upang ito ay maging maiksi at magaang dalhin kahit-saan ay mga katagang panggunita lamang ang aking napili upang ito ay lumiit. Para maisakatuparan ito, ay mga teksto lamang ng paggunita ang aking isinulat sa halip na buong Hadith. Itinakda ko na rin ang aking sarili sa pagbibigay ng isa o dalawang batayan mula sa orihinal na aklat sa bawat Hadith. Sinumang may gustong alamin ang ibang mga kasamahang nag-ulat sa isang partikular na Hadith, o di kaya ay upang magkaroon ng kaalaman o impormasyon kung saan ito naitala, ay dapat na isangguni ito sa orihinal na gawa (*Ath-Thikr wad-Dua wal-Ilaj bir-Ruqa minal Kitab was-Sunnah*).

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Dalangin ko Sa Allah, ang Maluwalhati, Ang Makapangyarihan, at sa Magaganda Niyang Pangalan at Kahanga-hangang mga Katangian upang tanggapin na ito· ay ginawa para lamang sa Kanya. Hinihiling ko sa Kanya na iparating sa akin ang mga benipisyo nito habang ako ay nabubuhay pa at hanggang sa aking pagpanao. Sana ay magkaroon na rin ng benipisyo ang mga taong nakakabasa rito, ang mga nagpalimbag rito o yaong mga taong naging kasangkapan sa libreng pamimigay sa aklat na ito. Katotohanan, Siya, (ang Allah) Kaluwalhatian sa Kanya, ay may Kakayahang makapangyayari sa lahat ng bagay. Nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay makamit ng ating Propeta Muhammad at sa kanyang pamilya, Kasamahan at sa lahat ng sumunod sa kanila hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

***Sa'id bin Ali bin Wahaf Al-Qahtani***
Safar, 1409H

www.alukah.net
شبكة الألوكة



# Mga Kahalagahan ng Paggunita

Sinabi ng Allah ﷻ:

قال تعالى: ﴿فَٱذْكُرُونِىٓ أَذْكُرْكُمْ وَٱشْكُرُوا۟ لِى وَلَا تَكْفُرُونِ ﴿١٥٢﴾﴾

"(Samakatuwid) gunitain ninyo Ako, at alalahanin Ko kayo. At magpasalamat sa Akin at huwag tumanggi sa pananampalataya." [Al-Baqarah 2:152]

قال تعالى: ﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴿٤١﴾﴾

"O kayong mga naniniwala! Gunitain ang Allah ng maraming paggunita." [Al-Ahzab 33:41]]

قال تعالى: ﴿وَٱلذَّٰكِرِينَ ٱللَّهَ كَثِيرًا وَٱلذَّٰكِرَٰتِ أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُم مَّغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا ﴿٣٥﴾﴾

"At ang mga lalaki at mga babaing gumugunita (ang kanilang puso at dila) ng marami sa Allah ay inihanda ng Allah para sa kanila ang (Kanyang) mga kapatawaran at dakilang gantimpala." [Al-Ahzaab 33:35]

شبكة الألوكة - قسم الكتب

قال تعالى: ﴿ وَٱذْكُر رَّبَّكَ فِي نَفْسِكَ تَضَرُّعًا وَخِيفَةً وَدُونَ ٱلْجَهْرِ مِنَ ٱلْقَوْلِ بِٱلْغُدُوِّ وَٱلْآصَالِ وَلَا تَكُن مِّنَ ٱلْغَٰفِلِينَ ﴿٢٠٥﴾ ﴾

" At alalahanin mo ang Panginoon sa iyong sarili, nang buong pagpapakumbaba (na may kasamang pagkatakot) at gunitain ng tahimik sa umaga at hapon at huwag maging kasama sa mga nakakalimot." [1]

[مَثَلُ الَّذِي يَذْكُرُ رَبَّهُ وَالَّذِيْ لاَ يَذْكُرُ رَبَّهُ مَثَلُ الْحَيِّ وَالْمَيِّتِ]

Sinabi ng Propeta ﷺ : 'Ang kahalintulad ng mga taong ginugunita ang kanilang Panginoon, at sa yaong hindi ginugunita ang kanilang Panginoon ay kahalintulad ng isang buhay at patay.' [2]

---

1. Al-A'raf 7:205
2. Al-Bukhaare kasama ang Al-Fath 11/208 at Muslim 1/539 sa ganitong kasabihan:

مثل البيت الذي يذكر الله فيه والبيت الذي لا يذكر الله فيه مثل الحي والميت

www.alukah.net
شبكة الألوكة



[أَلاَ أُنَبِّئُكُمْ بِخَيْرِ أَعْمَالِكُمْ، وَأَزْكَاهَا عِنْدَ مَلِيْكِكُمْ، وَأَرْفَعِهَا فِي دَرَجَاتِكُمْ، وَخَيْرٍ لَكُمْ مِنْ إِنْفَاقِ الذَّهَبِ وَالْوَرَقِ، وَخَيْرٍ لَكُمْ مِنْ أَنْ تَلْقَوا عَدُوَّكُمْ فَتَضْرِبُوا أَعْنَاقَهُمْ وَيَضْرِبُوا أَعْنَاقَكُمْ ؟ قَالُوا بَلَى. قَالَ: ذِكْرُ اللهِ تَعَالَى.]

Sinabi ng Propeta ﷺ : Gusto ba ninyong sabihin ko sa inyo ang mga mabubuti sa inyong mga gawain, at siyang pinakabanal sa inyong Panginoon at iaangat ng mataas ang inyong mga antas, at iyan ang bagay na mas makabubuti sa iyo kaysa gumugol ng ginto at pera (para sa kawanggawa) at pinakamabuti sa inyo kaysa makipaglaban sa inyong kaaway (na mga kafir) at sila'y inyong mapatay at (maaaring) kayo rin ay mapatay nila' Sinabi nila (ng kanyang mga kasamahan):"dapat! (na ipaalam sa amin)'

'Ang kahalintulad ng bahay na doon ay malimit gunitain ang Allah at ang bahay na hindi ginugunita ang Allah ay kahalintulad ng buhay at patay.'

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Pagkatapos ay kanyang sinabi: 'Ang Paggunita sa Allah ﷻ' [1]

[أَنَا عِنْدَ ظَنِّ عَبْدِي بِي، وَأَنَا مَعَهُ إِذَا ذَكَرَنِي فَإِنْ ذَكَرَنِي فِي نَفْسِهِ ذَكَرْتُهُ فِي نَفْسِي، وَإِنْ ذَكَرَنِي فِي مَلإٍ ذَكَرْتُهُ فِي مَلإٍ خَيْرٍ مِنْهُمْ، وَإِنْ تَقَرَّبَ إِلَيَّ شِبْرًا تَقَرَّبْتُ إِلَيْهِ ذِرَاعًا وَإِنْ تَقَرَّبَ إِلَيَّ ذِرَاعًا تَقَرَّبْتُ إِلَيْهِ بَاعًا وَإِنْ أَتَانِي يَمْشِي أَتَيْتُهُ هَرْوَلَةً.]

Sinabi rin ng Propeta ﷺ : Sinabi ng Allah تعالى : "Ako ay ganun kung paano Ako iniisip ng aking alipin, at Ako ay kasama ng aking alipin sa panahong Ako ay ginugunita niya, kaya kung Ako ay gunitain niya sa kanyang sarili ay gugunitain Ko rin siya sa Aking sarili, at kung Ako ay gunitain niya sa maraming tao ay gugunitain Ko rin siya sa isang dakilang pagtitipon, at kung siya ay lumapit sa Akin kasinlayo ng kamay, Ako ay lalapit sa kanya kasinlayo ng braso, at

3. At-Tirmidhee 5/549 at Ibn Maajah 2/1245, tingnan ang: Saheeh Ibn Maajah 2/316 at Saheeh At-Tirmidhee 3/139.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



kung siya ay lumapit sa Akin kasinlayo ng bisig, Ako ay lalapit sa kanya kasinlayo ng dalawang brasong nakadipa (o nakabuka), at kung siya ay patungo sa Akin na naglalakad, Ako ay papunta sa kanya ng patakbo.' [1]

وَعَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ بُسْرٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ أَنَّ رَجُلاً قَالَ: يَا رَسُوْلَ اللهِ إِنَّ شَرَائِعَ الإِسْلاَمِ قَدْ كَثُرَتْ عَلَيَّ فَأَخْبِرْنِي بِشَيْءٍ أَتَشَبَّثُ بِهِ. قَالَ: لاَ يَزَالُ لِسَانُكَ رَطْباً مِنْ ذِكْرِ اللهِ .

Mula sa autoridad ni 'Abdullah Ibn Busr ﷺ: Ang (isang) lalaki ay sinabi sa Propeta ﷺ "O Sugo ng Allah ﷺ, ang ritwal (o seremonya) ng Islam ay marami at mahirap para sa akin, kaya payuhan mo ako ng (simpleng) bagay na maaaring panghawakan ko. " Sinabi niya ﷺ, Huwag hayaang tumigil ang

4. Al-Bukhaaree 5/175 at Muslim 4/2061 ang mga pananalitang ito ay mula sa pananalaysay ni Al-Bukhaaree.

iyong dila mula sa mga paggunita sa Allah." [1]

مَنْ قَرَأَ حَرْفاً مِنْ كِتَابِ اللهِ فَلَهُ بِهِ حَسَنَةٌ، وَالْحَسَنَةُ بِعَشْرِ أَمْثَالِهَا، لاَ أَقُولُ لَكَ ((آلـــم)) حَرْفٌ وَلَكِنْ أَلِفٌ حَرْفٌ وَلاَمٌ حَرْفٌ وَمِيْمٌ حَرْفٌ

"Sinabi rin ng Propeta ﷺ, "Ang sinumang bumasa ng kahit na isang letra mula sa Aklat ng Allah ay mayroon siyang gantimpalang isang *Hasanah* (gantimpala ng isang gawain) at ang isang *Hasanah* (gantimpalang mabuti) ay babayaran ito ng sampung beses, hindi (ko) sinasabi na ang Alif, Laam, Meem ay iisang letra, subalit ang katotohanan ay ang Alif ay isang letra, ang Laam ay isang letra at ang Meem ay isang letra." [2]

---

5. Al-Tirmidhee 5/458 at Ibn Majah 2/1246, tingnan ang Saheeh At-Tirmidhee 3/139 at Saheeh Ibn Majah 2/317.
6. At-Tirmidhee 5/175, tingnan: Saheeh At-Tirmidhee 3/9 at Saheeh Al-Jaami' As-Sagheer 5/340.

www.alukah.net
شبكة الألوكة


عَنْ عُقْبَةَ بْنِ عَامِرٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ قَالَ: خَرَجَ رَسُوْلُ اللهِ وَنَحْنُ فِي الصُّفَّةِ فَقَالَ: أَيُّكُمْ يُحِبُّ أَنْ يَغْدُوَ كُلَّ يَوْمٍ إِلَى بُطْحَانَ أَوْ إِلَى الْعَقِيْقِ فَيَأْتِي مِنْهُ بِنَاقَتَيْنِ كَوْمَاوَيْنِ فِي غَيْرِ إِثْمٍ وَلاَ قَطِيْعَةِ رَحِمٍ ؟ فَقُلْنَا: يَا رَسُوْلَ اللهِ نُحِبُّ ذَلِكَ. قَالَ: أَفَلاَ يَغْدُو أَحَدُكُمْ إِلَى الْمَسْجِدِ فَيَعْلَمَ، أَوْ يَقْرَأُ آيَتَيْنِ مِنْ كِتَابِ اللهِ عَزَّ وَجَلَّ خَيْرٌ لَهُ مِنْ نَاقَتَيْنِ، وَثَلاَثٌ خَيْرٌ لَهُ مِنْ ثَلاَثٍ، وَأَرْبَعٌ خَيْرٌ لَهُ مِنْ أَرْبَعٍ وَمِنْ أَعْدَادِهِنَّ مِنَ الإِبِلِ.

Sinabi ni 'Uqbah bin 'Amir ﷺ:"Ang Sugo ng Allah ay lumabas (mula sa kanyang bahay) at kami'y nasa As-Suffah (balkonahing karugtong ng Masjid ng Sugo ng Allah) at kanyang sinabi: Mayroon ba sa inyo ang naghahangad na magpunta sa umaga araw-araw sa But'haan o sa Al-'Aqeeq (ang dalawang pangalan ng Kanal sa Madinah) at bumalik na may dalang dalawang babaing kamelyo na siya'y walang

شبكة الألوكة - قسم الكتب

pagkakasala roon at hindi makapagtatakwil ng kamag-anak? At sinabi namin (sinabi ni 'Uqbah): "Katotohanan iyan ay magugustuhan namin, O Sugo ng Allah." Sinabi niya ﷺ: "Bakit hindi magpunta ng maaga ang isa sa inyo sa Mosque at mag-aral doon o di kaya ay magsaulo doon ng kahit na dalawang talata mula sa Aklat ng Allah ang Mataas at Dakila, iyan ang mabuti sa inyo kaysa dalawang babaing-kamelyo, at ang tatlong talata ay nakabubuti sa inyo kaysa tatlong babaing-kamelyo at ang apat na talata ay nakabubuti kaysa apat na babaing-kamelyo at ganoon din na kung gaano karami ang talatang (mabasa) ay mas mabuti kaysa katumbas nito ng dami ng kamelyo." [1]

مَنْ قَعَدَ مَقْعَداً لَمْ يَذْكُرِ اللهَ فِيهِ كَانَتْ عَلَيْهِ مِنَ اللهِ تِرَةٌ، وَمَنِ اضْطَجَعَ مَضْجَعاً لَمْ يَذْكُرِ اللهَ فِيهِ كَانَتْ عَلَيْهِ مِنَ اللهِ تِرَةٌ.

Sinabi rin ng Propeta ﷺ : "Ang sinumang umupo sa upuan at nakaligtaang gunitain

7 . Muslim 1/553.

www.alukah.net
شبكة الألوكة


ang Allah (bago siya tumayo), ay magkakamit ng sariling pagsisisi (sa Kabilang Araw) mula sa Allah, at ang sinuman ang mahiga (magpahinga) at makaligtaang gunitain ang Allah (bago siya tumayo) ay magkakamit ng sariling pagsisisi (sa Kabilang Araw) mula sa Allah." [1]

مَا جَلَسَ قَوْمٌ مَجْلِساً لَمْ يَذْكُرُوا اللهَ فِيْهِ، وَلَمْ يُصَلُّوا عَلَى نَبِيِّهِمْ إِلاَّ كَانَ عَلَيْهِمْ تِرَةٌ فَإِنْ شَاءَ عَذَّبَهُمْ وَإِنْ شَاءَ غَفَرَ لَهُمْ.

Kanya ring sinabi ﷺ : "Walang taong magpunta sa isang pagtitipon at makaligtaan nilang gunitain ang Allah at ang magpadala ng panalangin para sa Propeta ﷺ ay magkakamit sila ng sariling pagsisisi (sa Kabilang Araw) at kung gustuhin ng Allah ay parurusahan sila at

8. Abu Daawud 4/264 at iba, tingnan: Saheeh Al-Jaami' Al-Saghir 5/342.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

kung gustuhin (narin) Niya ay patatawarin sila." [1]

مَا مِنْ قَوْمٍ يَقُوْمُوْنَ مِنْ مَجْلِسٍ لاَ يَذْكُرُوْنَ اللهَ فِيْهِ إلاَّ قَامُوا عَنْ مِثْلِ جِيْفَةِ حِمَارٍ وَكَانَ لَهُمْ حَسْرَةً

Ganoon din na kanyang sinabi ﷺ : "Walang taong tumayo mula sa (isang) pagtitipon na makaligtaan nilang gunitain ang Allah, sila ay tatayo na parang (sila ay) tumayo mula sa nabubulok ng bangkay ng asno ay magkakamit ang kanilang sarili ng pagdadalamhati (sa Kabilang Buhay)." [2]

## 1. Panalangin sa panahon ng pagkagising.

١. ((الْحَمْدُ للهِ الَّذِي أَحْيَانَا بَعْدَمَا أَمَاتَنَا وَإِلَيْهِ النُّشُوْرُ.))

9. At-Tirmidhee, tingnan: Saheeh At-Tirmidhee 3/140.
10. Abu Daawud 4/264 at Ahmad 2/389, tingnan: Saheeh Al-Jaami' 5/176.

www.alukah.net


**"AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE A'HYAANA BA-'DA MA-AMA-TANA WAILAYHIN NUSHUR."**

"Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah na Siya ang nagbigay sa atin ng buhay pagkatapos (Niyang) kunin sa atin at sa Kanya ang pagkabuhay na muli." [1]

Sinabi ng Propeta ﷺ : "Ang sinuman ang magising sa gabi at pagkatapos banggitin ang:

٢. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ. لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ. سُبْحَانَ اللهِ وَالْحَمْدُ لِلَّهِ وَلاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَاللهُ أَكْبَرُ، وَلاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ الْعَلِيِّ الْعَظِيْمِ رَبِّ اغْفِرْ لِي .

**"LA-ILA-LAHA ILLALLAHO WA'HDAHO LA-SHARI-KALAHO LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU, WAHUWA 'ALA-KOLLI SHAY·IN QADEER. SUB'HA-NALLAAHI**

---

1 . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 11/113. Muslim 4/2083.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**WAL'HAMDULILLAHI, WALA-ILA-HA ILLALLAHU, WALLAHU AKBARO, WALA-'HAWLA WALA QUWWATA ILLA BILLAHIL 'ALIYYUL 'ATHEEMI RABBI'G FIRLE."**

"Walang karapat-dapat na sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa at walang katambal, Sa Kanyang pagmamay-ari ang Pamamahala at Kapurihan at Siya ang may kakayahan sa lahat ng bagay, at ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, at walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allah. Ang Allah ay Dakila at walang kapangyarihan o lakas maliban sa Allah, ang Mataas, Ang Supremo. (at pagkatapos magpanalangin) "O aking Panginoon, patawarin Mo ako." [1]

٣. الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي عَافَانِي فِي جَسَدِيْ وَرَدَّ عَلَيَّ رُوْحِيْ وَأَذِنَ لِيْ بِذِكْرِهِ.

---

[1]. "Ang sinumang banggitin ito ay mapapatawad at kung siya'y maghingi siya'y didinggin. At kung siya ay nagsagawa ng wudho' o paglilinis at magdasal, ang kanyang panalangin ay tatanggapin." Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari3/39 at iba pa. Ang mga salita rito ay mula kay Ibn Majah 2/335.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



**"AL'HAMDULILLA-HIL LLA'THEE 'A-FEENI FEE JASADI WARADDA 'ALAYYA RU-HI WA-A'THENALI BE-'THEKRIHE"**

"Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah na Siya ang nagsauli sa aking kalusugan at ibinalik ang aking kaluluwa at pinahintulutan akong Siya'y gunitain." [1]

٤. إِنَّ فِي خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ
لَأَيَٰتٍ لِّأُوْلِي ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٠﴾ ٱلَّذِينَ يَذْكُرُونَ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا
وَعَلَىٰ جُنُوبِهِمْ وَيَتَفَكَّرُونَ فِي خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ رَبَّنَا
مَا خَلَقْتَ هَٰذَا بَٰطِلًا سُبْحَٰنَكَ فَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٩١﴾ رَبَّنَآ
إِنَّكَ مَن تُدْخِلِ ٱلنَّارَ فَقَدْ أَخْزَيْتَهُۥ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ
﴿١٩٢﴾ رَّبَّنَآ إِنَّنَا سَمِعْنَا مُنَادِيًا يُنَادِي لِلْإِيمَٰنِ أَنْ ءَامِنُوا۟ بِرَبِّكُمْ
فَـَٔامَنَّا ۚ رَبَّنَا فَٱغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَكَفِّرْ عَنَّا سَيِّـَٔاتِنَا وَتَوَفَّنَا مَعَ
ٱلْأَبْرَارِ ﴿١٩٣﴾ رَبَّنَا وَءَاتِنَا مَا وَعَدتَّنَا عَلَىٰ رُسُلِكَ وَلَا تُخْزِنَا يَوْمَ
ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿١٩٤﴾ فَٱسْتَجَابَ لَهُمْ رَبُّهُمْ أَنِّي لَآ

[1] At-Tirmithi 5/473, Tingnan angSahih Tirmithi 3/144.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

أُضِيعُ عَمَلَ عَٰمِلٖ مِّنكُم مِّن ذَكَرٍ أَوۡ أُنثَىٰۖ بَعۡضُكُم مِّنۢ بَعۡضٖۖ
فَٱلَّذِينَ هَاجَرُواْ وَأُخۡرِجُواْ مِن دِيَٰرِهِمۡ وَأُوذُواْ فِي سَبِيلِي وَقَٰتَلُواْ
وَقُتِلُواْ لَأُكَفِّرَنَّ عَنۡهُمۡ سَيِّـَٔاتِهِمۡ وَلَأُدۡخِلَنَّهُمۡ جَنَّٰتٖ تَجۡرِي مِن
تَحۡتِهَا ٱلۡأَنۡهَٰرُ ثَوَابٗا مِّنۡ عِندِ ٱللَّهِۚ وَٱللَّهُ عِندَهُۥ حُسۡنُ ٱلثَّوَابِ ﴿١٩٥﴾
لَا يَغُرَّنَّكَ تَقَلُّبُ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ فِي ٱلۡبِلَٰدِ ﴿١٩٦﴾ مَتَٰعٞ قَلِيلٞ ثُمَّ
مَأۡوَىٰهُمۡ جَهَنَّمُۖ وَبِئۡسَ ٱلۡمِهَادُ ﴿١٩٧﴾ لَٰكِنِ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوۡاْ رَبَّهُمۡ لَهُمۡ
جَنَّٰتٞ تَجۡرِي مِن تَحۡتِهَا ٱلۡأَنۡهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا نُزُلٗا مِّنۡ عِندِ
ٱللَّهِۗ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ خَيۡرٞ لِّلۡأَبۡرَارِ ﴿١٩٨﴾ وَإِنَّ مِنۡ أَهۡلِ ٱلۡكِتَٰبِ
لَمَن يُؤۡمِنُ بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيۡكُمۡ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِمۡ خَٰشِعِينَ لِلَّهِ لَا
يَشۡتَرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ ثَمَنٗا قَلِيلًاۚ أُوْلَٰٓئِكَ لَهُمۡ أَجۡرُهُمۡ عِندَ رَبِّهِمۡۗ
إِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلۡحِسَابِ ﴿١٩٩﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ ٱصۡبِرُواْ
وَصَابِرُواْ وَرَابِطُواْ وَٱتَّقُواْ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمۡ تُفۡلِحُونَ ﴿٢٠٠﴾

(190) "Katotohanan! Sa pagkakalikha sa mga kalangitan at kalupaan, at sa paghahalinhinan ng gabi at araw, tunay na mga palatandaan para sa mga (taong) may pang-unawa. (191) Silang mga (taong)

www.alukah.net



gumugunita (o pumupuri) sa Allah (tuwi-*tuwina* at *nananalangin* na) nakatayo, nakaupo, patagilid na nakahiga. At minumuni-muni ang (mga kahanga-hangang) pagkakalikha sa mga kalangitan at kalupaan (at sinasabi): "Aming Panginoon! Hindi Mo nilikha ang (lahat ng) mga ito na walang saysay, sa Iyo ang kawulhatian! (O Allah) Iligtas Mo kami mula sa kaparusahan ng Apoy. (192) "Panginoon namin! Katotohanan, ang sinumang Iyong inilagay sa Apoy ay tunay na siya'y binigyan Mo ng kahihiyan; at (kailanman) ang mga 'thaalimun (mga politiesta at ang mga gumagawa ng mga kamalian) ay walang makakatulong. (193) "Panginoon namin! Katotohanan narinig namin ang panawagan ng isang *nananawagan* sa *Pananampalataya*; "Maniwala sa inyong Panginoon", at kami ay naniwala. Panginoon namin! Patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala, At pawiin ang aming mga pagkakamali at bawian mo kami ng buhay (sa katayuang pagka-makatarungan) kasama sa mga kasamahan ng mga Al-Abrar (ang mga

nananampalataya sa Pagka-iisa ng Allah swt, ang mga banal at makatarungan). (194) "Panginoon namin! Ipagkaloob sa amin ang Iyong naipangako sa amin sa pamamagitan ng Iyong mga Sugo at huwag Mo kaming ilagay sa kadustaan sa Araw ng Pagbabangong-Muli, At kailanman Ikaw ay hindi tumalikod sa (Iyong) pangako. (195) At dininig sila (sa kanilang mga panalangin at tinugunan ito) ng kanilang Panginoon. (At sinabi ng kanilang Panginoon) "Kailanma'y hindi mapapapayagang mawala ang nagawa ng sinuman sa inyo, maging siya man ay lalaki o babae. Kayo ay (magkakasama) sa isa't isa, At yaong mga lumikas at ipinagtabuyan sa kanilang mga tahanan, at dumanas ng kapinsalaan dahil sa Aking landas, at nakipaglaban at napatay ay papawiin Ko sa kanila ang kanilang pagkakasala, at papasukin sila sa Harden na sa ilalim nito ay dumadaloy na mga batis (ng Paraiso); bilang gantimpala mula sa Allah, at nasa Allah ang pinaka-mabuting gantimpala. (196) Huwag kang palinlang ng dahil sa mga karangyaan (at

www.alukah.net


kasaganaan) ng mga (taong) walang-paniniwala sa kanilang paglabas at pagpasok sa (iba't ibang) bayan. (197) Napakaikling kasiyahan lamang; pagkatapos, Impiyerno ang kanilang hantungan. At kay samang kasasadlakan. (198) Subalit, yaong may taqwa, mapapasakanila ang Harden na nasa ilalim nito ay mga batis na dumadaloy. Mananatili sila roon bilang isang (magandang) hantungan mula sa Allah. At higit na mahusay ang anumang (gantimpalang) nasa Allah (bilang parangal) sa mga matutuwid. (199) At katotohanan mayroon sa mga Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) na tunay na naniniwala sa Allah, at sa (mga) ipinahayag sa inyo, at sa mga ipinahayag sa kanila ng may takot at pagpapakumbaba sa Allah. Hindi nila ipinagpalit ang mga Tanda ng Allah sa maliit na halaga! Sa mga yaon ay mapasa kanila ang gantimpala mula sa kanilang Panginoon, Katotohanan, mabilis ang Allah sa paglilitis. (200) O kayong mga mananampalataya! Magtiis (sa mga

kahirapang dinaranas ninyo) at maging matiyaga (kaysa sa inyong kaaway), at maging matiisin (kaysa sa inyong mga kaaway), at Rabitu (manatili sa pook-bantayan upang sugpuin ang anumang pananalakay ng kaaway); At magkaroon ng (Taqwa) pagkamatakutin sa Allah upang kayo ay magtagumpay.[1]

## 2. Panalangin pagkasuot ng damit.

٥. الْحَمْدُ للهِ الّذي كَسَانِي هَذَا (الثّوْبَ) وَرَزَقَنِيهِ مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنّي وَلاَ قُوَّة ..

**"AL'HAMDULILLA-HIL LLÁ'THEE KÁSA-NI HA'THA (ATH-THAWBA) WARAZAQANI-HI MIN 'GHAYRI 'HAWLIN MINNI WALA-QUWWA"**

"Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, dinamitan ako (ng damit na ito) at inihanda para sa akin sa kadahilanang ako ay walang kakayahan at sariling lakas". [2]

[1] . Kor'an 3:190-200; Al-Bukhari, Fath Al-Bari 8/237, Muslim 1/530.

[2] . Al-Bukhari, Muslim, Abu Dawud, Ibn Majah, At-Tirmithi. Tingnan din ang Irwa ul-Ghalil 7/47.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



## 3. Panalangin kapag magsusuot ng bagong damit.

٦. اللَّهُمَّ لَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ كَسَوْتَنِيْــهِ أَسْأَلُكَ مِنْ خَيْرِهِ وَخَيْرِ مَا صُنِعَ لَهُ، وَأَعُوْذُ بِكَ مِنْ شَرِّهِ وَشَرِّمَا صُنِعَ لَهُ .

**"ALLA-HUMMALAKAL 'HAMDO ANTA KASAWTANI-HI AS-ALOKA MIN 'KAYRIHI WA 'KHAYRIMA SUNI'ALAHU, WA-A'U'THOBIKA MIN SHARRIHI WA SHARRIMA SUNI'ALAHU"**

"O Allah, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri, ako'y dinamitan Mo, Hinihiling ko sa Iyo ang kagandahan nito at ang kagandahan sa paggawa nito, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaan nito at ang mga kasamaan sa paggawa nito." [1]

## 4. Panalanging babanggitin ng isang nakasuot ng bagong damit.

٧. تُبْلِي وَيُخْلِفُ اللهُ تَعَالَى

**7. "TUBLI WAYU'KHLIFOLLA-HU TA'A-LA."**

[1]. Abu Dawud at At-Tirmithi. Tingnan din Al-Albani, Mukhtasar Shama'il At-Tirmithi p.47.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

"Sana ay palitan ito ng Allah sa panahong ito ay maluma." [1]

٨- إلْبَسْ جَدِيْداً، وَعِشْ حَمِيْداً، وَمُتْ شَهِيْداً

**8. "ELBAS JADEEDAN, WA 'ISH 'HAMI-DAN, WAMUT SHAHI-DAN."**

"Panibagong kasuotan, mamuhay ng marangal at mamatay na (isang) Shaheed." [2]

## 5. Ang babanggitin kapag maghu-hubad ng damit.

٩. بِسْمِ اللهِ

**9. "BISMILLAH"**

"Sa Ngalan ng Allah." [3]

---

[1]. Abu Dawud 4/41. Tingnan ang Sahih Abi Dawud 2/760.

[2]. Ibn Majah 2/1178, Al-Baghawi 12/41. Tingnan din ang Sahih Ibn Majah 2/275.

[3]. At-Tirmithi 2/505, Tingan ang Irwa 'ul-Ghalil no. 49 at Sahih Al-Jami' 3/203.

www.alukah.net شبكة الألوكة



## 6. Ang Panalangin bago pumasok sa palikuran.

١٠. (بِسْمِ اللهِ) اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبُثِ وَالْخَبَائِثِ

**10. (BISMILLAHI) ALLA-HUMMA INNI A'UTHOBIKA MINAL 'KHUBTHE WAL 'KHABA-ITH"**

"(Sa Ngalan ng Allah), O Allah, Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga (masasamang espiritu ng mga)lalaki at babae." [1]

## 7. Panalangin pagkatapos gamitin ang palikuran.

١١. غُفْـــرَانَكَ

**11. "GHUFRA-NAKA"**

"Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran (ya Allah)".[2]

---

[1] . Al-Bukhari 1/45, Muslim 1/283, ang karagdagan ng Bismillah sa umpisa nito ay mula sa mga ulat ni Saad bin Mansur. Tingnan ang Fath Al-Bari 1/244.

[2] . Abu Dawud, Ibn Majah at At-Tirmithi. Naitala ito ni An-Nasa'i sa Amal Al-Yawm wal-Lailah. Tingnan din ang pagsusuri ni Ibn Al-Qayyum sa Zad al-Ma'ad 2/387.

شبكة الألوكة

**8. Ang babanggitin bago umpisahan ang pagwu-wudho'**

١٢. بِسْمِ اللهِ

**12. "BISMILLAH"**

"Sa Ngalan ng Allah."[1]

**9. Ang babanggitin kapag natapos sa pagwu-wudho'.**

١٣. أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْـدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُوْلُهُ

**13. "ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLA-LLAHU WA'HDAHU, LA-SHAREEKALAHU, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN 'ABDUHO WA RASULUHO"**

"Ako ay sumasaksi na walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa at walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo." [2]

---

[1]. Abu Dawud, Ibn Majah at Ahmad. Tingnan ang Irwa'ul-Ghalil 1/122.

[2]. Muslim 1/209.

www.alukah.net



١٤. اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَّابِيْنَ وَاجْعَلْنِي مِنَ الْمُتَطَهِّرِيْنَ

**14. "ALLAHUMMAJ-'ALNI MINAT-TAWWA-BI-NA WAJ-'ALNI MINAL MUTA-'TAHHIREEN"**

"O Allah, gawin akong (kasama) mula sa mga (taong) nanumbalik sa Iyo at malimit maghingi ng kapatawaran (sa Iyo) at gawin akong (kasama) sa mga nananatiling malinis at dalisay." [1]

١٥. سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوْبُ إِلَيْكَ

**15. "SUB'HA-NAKA ALLA-HUMMA WA BI'HAMDIKA, ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLA ANTA ASTAGHFIRUKA WA-ATUBO ILAYK"**

"Sa Iyo ang Kaluwalhatian, O Allah, at papuri, Ako ay sumasaksi na walang ibang may karapatang sambahin maliban sa Iyo,

[1]. At-Tirmithi 1/78. Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 1/18.

hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at dumulog sa Iyo na (ako ay) nagsisisi." [1]

## 10. Ang babanggitin kapag aalis o iiwan ang bahay.

١٦. بِسْمِ اللهِ، تَوَكَّلْتُ عَلَى اللهِ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللهِ

**16. "BISMILLA-HI, TAWAKKALTO 'ALALLA-HI, WALA 'HAWLA WALA QUWWATA ILLA BILLAH"**

"Sa Ngalan ng Allah, ipinaubaya ko ang pananalig sa Allah. Walang lakas at kapangyarihan maliban sa Allah." [2]

١٧. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ أَنْ أَضِلَّ أَوْ أُضَلَّ أَوْ أَزِلَّ أَوْ أُزَلَّ أَوْ أَظْلِمَ أَوْ أُظْلَمَ أَوْ أَجْهَلَ أَوْ يُجْهَلَ عَلَيَّ

[1]. An-Nasa'I, 'Amal al-Yawm wal-Lailah, p. 173.Tingnan ang Irwa ul-Ghalil 1/135 at 2/93.

[2]. Abu Dawud 4/325, At-Tirmithi 5/490. Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 3/151.

www.alukah.net



**17. ALLA-HUMMA INNI A'UTHOBIKA AN-A'DILLA AW U'DALLA, WA AZILLA AW OZALLA, AW ATHLEMA AW UTHLAMA, AW AJHALA AW YUJ-HALA 'ALAYYA"**

"O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo na baka ako ay makaligaw (ng iba) o mahikayat na maligaw (ng iba) o maaaring magkamali (ang iba) ng dahil sa akin o maaaring ako ay magkamali (ng dahil sa iba), o maaaring ako ay makapang-api (ng iba) o di kaya ay ma-api (ng iba), o ako ay maaaring makagawa ng panluluko o di kaya ay maluko ng iba." [1]

## 11.Ang babanggitin kapag papasok sa bahay o tahanan.

١٨- بِسْمِ اللهِ وَلَجْنَا وَبِسْمِ اللهِ خَـرَجْنَا وَعَلَى رَبِّنَا تَوَكَّلْنَا

**18.BISMILLA-HI WALAJNA, WA BISMILLA-HI 'KHARAJNA, WA 'ALA RABBINA TAWAKKALNA"**

[1]. Abu Dawud, Ibn Majah, Nasa'i, At-Tirmithi. Tingnan din ang Sahih At-Tirmithi 3/152 at Sahih Ibn Majah 2/336.

"Sa Ngalan ng Allah kami ay pumasok at sa Ngalan ng Allah kami ay umalis, at sa aming Panginoon kami'y nananalig (at pagkatapos ay banggitin ang Assalamu Alaikom sa lahat ng naroroon)." [1]

## 12.Panalangin kapag pumunta sa Masjid (mosque).

١٩. اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي فِي قَلْبِي نُوْراً وَفِي لِسَانِي نُوْراً، وَاجْعَلْ فِي سَمْعِي نُوْرًا، وَفِي بَصَرِي نُوْراً مِنْ فَوْقِي نُوْراً، وَمِنْ تَحْتِيْ نُوْراً، وَ عَنْ يَمِينِي نُوْرًا ، وَعَنْ شِمَالِي نُورًا، وَمِنْ أَمَامِي نُورًا، وَ مِنْ خَلْفِي نُوْراً، وَاجْعَلْ فِي نَفْسِي نُورًا، وَأَعْظِمْ لِي نُورًا، وَعَظِّمْلِي نُورًا، وَاجْعَلْ لِي نُورًا، وَاجْعَلْنِي نُورًا، اَللَّهُمَّ أَعْطِنِي

[1] . Abu Dawud 4/325. Sinabi ni Muslim (Hadith no. 2018) na dapat na banggitin ang Pangalan ng Allah sa pagpasok sa bahay at kapag uumpisa sa pagkain; at kapag narinig ito ng diablo ay kanyang sasabihin, "Walang tayong makakanlungan sa gabing ito at walang makakain."

www.alukah.net
شبكة الألوكة



نُورًا، وَاجْعَلْ فِي عَصَبِي نُورًا، وَفِي لَحْمِي نُورًا، وَفِي دَمِي نُورًا، وَفِي شَعَرِي نُورًا، وَفِي بَشَرِي نُورًا))
((اَللَّهُمَّ اجْعَلْ لِي نُورًا فِي قَبْرِي، وَنُورًا فِي عِظَامِي))
((وَزِدْنِي نُورًا، وَزِدْنِي نُورًا، وَزِدْنِي نُورًا)) ((وَهَبْ لِي نُورًا عَلَى نُورٍ)).

**19. "ALLAHUMMAJ-'ALNI FI QALBI NURAN, WAFI LISA-NI NURAN, WA FI SAM-'I NURAN, WAFI BASARI NURAN, WA MIN FAWQI NURAN, WA MIN TA'HTI NURAN, WA 'AN YAMI-NI NURAN WA 'AM SHIMA-LI NURAN, WA MIN AMA-MI NURAN, WA MIN 'KHALFI NURAN, WAJ-'AL FI NAFSI NURAN,WA A-'aTHEM LI NURAN, WA 'A'TH'THEMLI NURAN, WAJ-'ALLI NURAN, WAJ-'ALNI NURAN, ALLAHUMMA A-'a'TINI NURAN, WAJ-'AL FI 'ASABI NURAN, WA FI LA'HMI NURAN, WA FI DAMEY NURAN, WA FI SHA'ARI NURAN, WA FI BASHARI NURAN. ALLA-HUMMAJ-'ALLI NURAN FI QABRI, WA NURAN FI 'I'THA-MI, WA ZIDNI NURAN, WA ZIDNI NURAN, WA ZIDNI NURAN, WA HABLI NURAN 'ALA NU-RIN."**

شبكة الألوكة - قسم الكتب

"O Allah, pagkalooban (Mo po) ang aking puso ng liwanag, at liwanag sa aking dila, liwanag sa aking pandinig, at liwanag sa aking paningin at liwanag sa aking ibabaw at liwanag sa aking ilalim, at liwanag sa aking kanan at liwanag sa aking kaliwa. Liwanag sa aking harapan at liwanag sa aking likuran at pagkalooban ng liwanag ang aking kaluluwa, at lakihan Mo para sa akin ang liwanag at lakasan para sa akin ang liwanag. Pagkalooban Mo ako ng liwanag at liwanag para sa akin. O Allah bigyan Mo ako ng liwanag, at pagkalooban ng liwanag ang aking kalooban at liwanag ng aking katawan. Liwanag ng aking dugo at liwanag ng aking buhok at liwanag ng aking balat.[1] [O Allah! pagkalooban para sa akin ng liwanag ang aking libingan.. at ilaw ng aking mga buto].[2] [Dagdagan Mo ako ng liwanag at dagdagan Mo ako ng

[1]. Ang ulat ni Al-Bukhari ay hanggang dito na lamang 11/116 (Hadith no. 6316) at kay Muslim 1/526, 529-530 (Hadith no. 763).
[2]. At-Tirmithi 5/483 (Hadith no. 3419).

www.alukah.net



liwanag[1] at pakalooban Mo ako ng liwanag ng mga liwanag[2].] "

## 13.Panalangin kapag papasok sa Masjid.

٢٠. أَعُوْذُ بِاللهِ الْعَظِيْمِ وَبِوَجْهِـــهِ الْكَرِيْمِ وَسُلْطَانِه الْقَدِيْمِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيْمِ (بِسْمِ اللهِ وَالصَّلاَةِ) (وَالسَّلاَمُ عَلَى رَسُوْلِ اللهِ) اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ

**20. "A'U'THOBILLA-HIL A'THEEM, WA BIWAJHIHIL KAREEM, WA SUL'TA-NIHIL QADEEMI MINAS SHAYTA-NIR RAJEEM (BISMILLA-HI WASSALA-TI) (WASSALA-MU 'ALA RASOOLILLAH) ALLA-HUMMAFTA'HLI ABWA-BA RA'HMATIK"**

"Ako ay nagpapakupkop sa Allah, ang Kataas-taasan at sa Kanyang Maluwalhating Mukha at sa Kanyang walang hanggang pamamahala mula sa

[1]. Al-Bukhari, sa Al-Adab Al-Mufrad (Hadith no. 695), p. 258. Sahih Al-Adab Al-Mufrad (no. 536).
[2]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 11/118.

شبكة الألوكة

isinumpang Shaytan[1] (satanas).Sa Ngalan ng Allah, ang pagpapala[2] at nawa ang kapayapaan ay mapasa Sugo ng Allah[3]. O Allah, buksan Mo sa akin ang pintuan ng Iyong habag." [4]

## 14.Panalangin kapag iiwanan ang Masjid.

٢١. بِسْمِ اللهِ وَالصَّلاَةُ وَالسَّلاَمُ عَلَى رَسُوْلِ اللهِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ، اللَّهُمَّ اعْصِمْنِي مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيْمِ

**21. "BISMILLA-HI WASSALA-TU WASSALA-MU 'ALA RASULILLA-HI, ALLAHUMMA-INNI AS-ALOKA MIN FA'DLIK.**

---

[1]. Abu Dawud, Sahih Al-Jami' As-Saghir (Hadith no. 4591).

[2]. Ibn As-Sunni (Hadith no.88), tinagurian ito bilang mabuti ni Al-Albani.

[3]. Abu Dawud 1/176,tinganan ang Sahih Al-Jami' As-Saghir 1/528.

[4]. Muslim 1/494. Mayroon ding ulat sa Sunan Ibn Majah mula sa autoridad ni Fatimah ﷺ : "O Allah! patawarin ang aking mga kasalanan at buksan Mo para sa akin ang pintuan ng Iyong Awa." Ito ay tinaguriang kapani-paniwala ni Al-Albani dahil sa mga tagakatig nitong Hadith. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 1/128-9.

www.alukah.net شبكة الألوكة



**ALLA-HUMMA-'SIMNI MINAS SHAYTA-NIR RAJEEM."**

"Sa Ngalan ng Allah at ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa Sugo ng Allah. O Allah, hinhiling ko ang Iyong Kagandahang-loob. O Allah, tanuran Mo ako mula sa isinumpang shaytan (satanas)." [1]

## 15.Ang babanggitin kapag narinig ang A'thaan (Ang panawagan sa pagdarasal).

٢٢. يَقُولُ مِثْلَ مَا يَقُوْلُ الْمُؤَذِّنُ إِلاَّ فِي (حَيَّ عَلَى الصَّلاَةِ وَحَيَّ عَلَى الْفَلاحِ) فَيَقُوْلُ : لاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ

[1] . Muslim 1/494. May naiulat na rin sa Sunan Ibn Majah mula sa autoridad ni Fatimah ؓ; "O Allah! patawarin ang aking mga pagkakasalaa at buksan sa akin ang pintuan ng iyong pagpapala." Tinagurian ito ni Al-Albani bilang kanpani-paniwala ng dahil sa mga kasamang Hadith nito. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 1/128-129.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

22. "Dapat ulitin ang mga binabanggit ng muaththen (ang nananawagan sa pagdarasal) maliban kapag sinabi niya:

حَيَّ عَلَى الصَّلاَةِ وَحَيَّ عَلَى الْفَلاَحِ

**"'HAY 'ALAS SALAT WA 'HAY 'ALAL FALA'H"**

"Halina't Magdasal, Halina Sa Tagumpay" sa halip, dapat bigkasin ang:

لاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ

**"LA-'HAWLA WALA QUWWATAILLA-BILLAH"**

"Walang lakas o kapangyarihan maliban sa Allah." [1]

(23) Pagkatapos banggitin ng mua'ththen ang "**LA-ILAAHA ILLALLAH**"., ay dapat banggitin ang;

٢٣- يَقُوْلُ: وَأَنَا أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ وَأَنَّ مُحَمَّداً عَبْدُهُ وَرَسُوْلُهُ، رَضِيْتُ بِاللهِ رَبّاً

[1]. Al-Bukhari 1/152, Muslim 1/288.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



وَبِمُحَمَّدٍ رَسُوْلاً وَبِالْإِسْلَامِ دِيْناً، يَقُوْلُ ذَلِكَ عَقِبَ تَشَهُّدِ الْمُؤَذِّنِ.

**23. "WA ANA ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLA-LLAHO WA'HDAHO, LA-SHAREEKALAHU, WA ANNA MU'HAMMADAN 'ABDUHO WARASU-LUHO, RA'DEYTO BILLA-HI RABBAN, WA BIMUHAMMADIN RASU-LAN, WABIL ISLA-MI DI-NAN."**

"At ako ay sumasaksi na walang (diyos na) karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal at si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo, ako ay masaya na Allah ang (aking) Panginoon at si Muhammad bilang Sugo at Islam ang (aking) relihiyon. (Banggitin ang panalanagin na ito sa wikang Arabik pagkatapos banggitin ng Mua'ththen ang LA-ILA-HA ILLALLAH)." [1]

**24.** "Pagkatapos, dapat magpadala ng mga panalangin para sa Propeta ﷺ pagkatapos sagutin ang panawagan ng mua'ththen. (Muslim 1/288)

[1]. Ibn Khuzaimah 1/220.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

٢٥. اللَّهُمَّ رَبَّ هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ وَالصَّلاَةِ الْقَائِمَةِ آتِ مُحَمَّداً الوَسِيْلَةَ وَالْفَضِيْلَةَ وَابْعَثْهُ مَقَاماً مَحْمُوْداً الَّذِي وَعَدْتَهُ (إِنَّكَ لاَ تُخْلِفُ الْمِيْعَادِ)

**25. "ALLA-HUMMA RABBI HA-'THEHID DA'AWATIT TA-MMATI WASSALA-TIL QA-IMATI A-TI MU'HAMMADAN, ALWASI-LATA WAL FA'DHI-LATA WAB'ATH-HO MAQA-MAN MA'HMUDAL LATHEE WA'ADTAHU, INNAKA LA TU'KHLIFOL MI-'A-D.**

"O Allah! Panginoon ng ganap na panawagan na ito at (Panginoon) nang (takdang oras ng) pagdarasal na isasagawa! Pagkalooban mo po si Muhammad ﷺ ng karapatang mamagitan at pagkabukod-tangi at iangat siya (sa Araw ng Paghuhukom) sa pinakamabuti at pinakamataas na pook sa Paraiso na Iyong ipinangako sa kanya, (katotohanan, Ikaw

www.alukah.net
شبكة الألوكة



ay hindi tumatanggi sa Iyong mga pangako)." [1]

26. Sa pagitan ng A'than at Iqamat ay kailangang manalangin sa Allah ﷻ para sa iyong sarili. Ang panalangin sa ganitong oras ay hindi tinatanggihan. [2]

## 16.Panalangin sa umpisa ng Salah

(Pagkatapos ng Takbeer [DUA' ISTIFTAH]).

٢٧. اللَّهُمَّ بَاعِدْ بَيْنِي وَبَيْنَ خَطَايَايَ كَمَا بَاعَدْتَ بَيْنَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ، اللَّهُمَّ نَقِّنِي مِنْ خَطَايَايَ، كَمَا يُنَقَّى الثَّوْبُ الأَبْيَضُ مِنَ الدَّنَسِ، اللَّهُمَّ اغْسِلْنِي مِنْ خَطَايَايَ، بِالثَّلْجِ وَالْمَاءِ وَالْبَرَدِ

**27. "ALLA-HUMMA BA-'ID BAYNI WABAYNA 'KHATA-YA-YA KAMA BA-'ADTA BAYNAL MASHRIQI WAL MA'GHRIBI, ALLA-HUMMA NAQQINI MIN 'KHATA-YA-YA KAMA**

---

[1] . Al-Bukhari 1/152, at ang pananlanging napapaloob sa panaklong ay mula kay al-Baihaqi 1/410. Tingnan ang aklat ni Ibn Baz 'Ang Tuhfat Al-Akhyar' pahina 38.

[2] . At-Tirmithi, Abu Dawud, Ahmad. Tingnan ang Irwa ul-Ghalil 1/262.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**TUNAQQIT THAWBOL ABYA'DO MINAD DANASI. ALLA-HUMMA'GHSILNI MIN 'KHATA-YA-YA BITH-THALJI WAL MA-I WALBARAD."**

"O Allah! ilayo Mo ako mula sa aking mga pagkakasala kahalintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allah! dalisayin ako sa aking mga pagkakasala kahalintulad ng pagdalisay sa isang maputing tela mula sa dumi, O Allah! linisin ang aking mga pagkakasala ng neyebe, tubig at yelo." [1]

٢٨. سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، وَتَبَارَكَ اسْمُكَ، وَتَعَالَى جَدُّكَ، وَلاَ إِلَهَ غَيْرُكَ

**28."SUB'HA-NAKA ALLA-HUMMA WA BI'HAMDIKA, WATABA-RAKASMUKA WATA-'A-LA JADDUKA WALA-ILA-HA 'GHAYROKA."**

"Sa Iyo ang kaluwalhatian, O Allah! at pagpupuri. At Ipinagpala ang Iyong pangalan, kataas-taasan sa Iyong

[1]. Al-Bukhari 1/181, Muslim 1/419.

www.alukah.net

شبكة الألوكة



karangalan at walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo." [1]

٢٩. وَجَّهْتُ وَجْهِيَ لِلَّذِي فَطَرَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ حَنِيفًا وَمَا أَنَا مِنَ الْمُشْرِكِينَ ، إِنَّ صَلاَتِي ، وَنُسُكِي، وَمَحْيَايَ، وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِيْنَ، لاَ شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا مِنَ الْمُسْلِمِينَ. اللَّهُمَّ أَنْتَ الْمَلِكُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ . أَنْتَ رَبِّي وَأَنَا عَبْدُكَ ، ظَلَمْتُ نَفْسِي وَاعْتَرَفْتَ بِذَنْبِي فَاغْفِرْلِي ذُنُوبِي جَمِيعاً إِنَّهُ لاَ يَغْفِرُو الذُّنُوبَ إِلاَّ أَنْتَ . وَاهْدِنِي لِأَحْسَنِ الْأَخْلاَقِ لاَ يَهْدِي لِأَحْسَنِهَا إِلاَّ أَنْتَ ، وَاصْرِفْ عَنِّي سَيِّئَهَا ، لاَ يُصْرِفُ عَنِّي سَيِّئَهَا إِلاَّ أَنْتَ ، لَبَّيْكَ وَسَعْدَيْكَ ، وَالْخَيْرُ كُلُّهُ بِيَدَيْكَ ، وَالشَّرُّ لَيْسَ إِلَيْكَ . أَنَا بِكَ وَإِلَيْكَ تَبَارَكْتَ وَتَعَالَيْتَ أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ إِلَيْكَ.

[1]. Abu Dawud, Ibn Majah, An-Nasa'i, At-Tirmithi, Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 1/77 at Sahih Ibn Majah 1/135.

**29. "WAJJAHTU WAJJHIYA LILLATHEE FA'TARAS SAMAWA-TIWAL AR'DI 'HANIFAN WAMA ANA MINAL MUSHRIKEEN, INNASALA-TI, WANOSOKI, WAMA'HYA-YA, WAMAMA-TI LILLA-HI RABBIL 'A-LAMEEN, LA SHARI-KALAHU WABITHA-LIKA UMIRTO WA-ANA MINAL MUSLIMEENA. ALLAHUMMA ANTALMALIKO LA-ILA-HA ILLA ANTA. ANTA RABBI WA ANA 'ABDUKA, THALAMTO NAFSI WA'ATARAFTO BITHAMBI FA'GHFIRLE THONUBI ILLA ANTA. WAHDINIL A'HSANIL 'KHALQI LA YAHDIL A'HSANIHA ILLA-ANTA, WASRIF 'ANNI SAYYI-AHA, LA-TASRIFO 'ANNI SAYYI-AHA ILLA ANTA, LABBAYKA WASA'aDAYKA, WAL'KHAYRO KOLLOHO BIYADI-KA, WASHSHARRO LAYSA ILAYKA. ANA BIKA WAILAYKA TABA-RAKTA WATA'A-LAYTA ASTA'GHFIRUKA WA-ATUBO ILAYKA."**

"(Taus-puso kong) Inihaharap ang aking mukha sa Kanya na lumikha sa mga kalangitan at kalupaan bilang tunay na nananampalataya at hindi kasama sa mga nagtatambal (ng iba sa Allah). Katunayan ang aking mga pagdarasal at pagpapahirap, ang aking buhay at aking kamatayan ay para sa Allah, ang

www.alukah.net


Panginoon ng mga daigdig, sa Kanya ay walang katambal, At sa kadahilanang ito, ako ay napag-utusan at kasama ako sa mga taong sumunod. O Allah ang Taga-Pamahala, walang karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo. Ikaw ang aking Panginoon at ako ay Iyong alipin. Niligaw ko ang aking sariling kaluluwa at tinatanggap ko ang aking mga pagkakasala, kaya patawarin Mo ako sa lahat ng aking kasalanan, dahil walang ibang makapagbibigay ng kapatawaran maliban sa Iyo. Patnubayan ako sa mga mabubuting gawa dahil walang ibang makapag-bibigay (ng patnubay) dito maliban sa Iyo, at iligtas ako sa mga masasamang gawa dahil walang makapag-liligtas sa akin mula (sa mga kasamaan) nito maliban sa Iyo. Nandito akong tumutugon sa Iyong panawagan, at natutuwa na paglingkuran Ka. Ang lahat ng kabutihan ay nasa Iyong mga Kamay at ang kasamaan ay hindi magmumula sa Iyo. Ako ay nabuhay mula sa Iyong kagustuhan at (ako ay) babalik (na rin) sa Iyo. Kaluwalhatian sa Iyo at sa Iyong

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Kataas-taasan. Hinahangad ko ang Iyong kapatawaran at ang aking pagsisisi (sa aking mga kasalanan) sa Iyo." [1]

٣٠. اللَّهُمَّ رَبَّ جِبْرَائِيلَ، وَمِيكَائِيلَ، وَإِسْرَافِيلَ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ، عَالِمَ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ، أَنْتَ تَحْكُمُ بَيْنَ عِبَادِكَ فِيمَا كَانُوا فِيهِ يَخْتَلِفُونَ. اهْدِنِي لِمَا اخْتُلِفَ فِيهِ مِنَ الْحَقِّ بِإِذْنِكَ إِنَّكَ تَهْدِي مَنْ تَشَاءُ إِلَى صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ

**30. "ALLA-HUMMARABBI JIBRA-EELA, WA MIKA-EELA, WA ISRA-FEELA FA-'TIRAS SAMAWA-TI WAL AR'DA, 'A-LIMIL 'GHAYBI WAS SHAHA-DATI ANTA YA'HKUMO BAYNA 'EBA-DIKA FI-MA KA-NO FI-HI YA'KHTALIFUN. IHDINI LIMA'KHTULIFAFI-HI MINALHAQQI BI-I'THNIKA INNAKATAHDI MANTASHA-O-ILA 'SIRA-'TIM MUSTAQEEM."**

"O Allah! Panginoon ni Jibrel (Gabriel), Mika-il at Israfeel. Tagapaglikha ng mga

[1]. Muslim 1/534.

www.alukah.net
شبكة الألوكة


kalangitan at lupa, Nakababatid sa mga (bagay na) nakalantad at (mga bagay na) nakakubli. Ikaw ang Tagapamagitan sa pagitan ng Iyong mga alipin sa mga bagay na hindi nila napagkakaunawaan. Patnubayan Mo ako tungo sa katotohanang mayroong hindi pagka-unawaan mula sa Iyong kapahintulutan, katotohanan pina-patnubayan Mo ang sinumang Iyong naisin sa isang landasing matuwid." [1]

٣١. اللهُ أَكْبَرُ كَبِيْراً، اللهُ أَكْبَرُ كَبِيْراً، اللهُ أَكْبَرُ كَبِيْراً، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيْراً، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيْراً، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيْراً وَسُبْحَانَ اللهِ بُكْرَةً وَأَصِيْلاً "ثَلاَثاً" أَعُوْذُ بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ مِنْ نَفْخِهِ، وَنَفْثِهِ، وَهَمْزِهِ

**31. "ALLA-HU AKBARU KABI-RAN, ALLA-HU AKBARU KABI-RAN, ALLA-HU AKBARU KABI-RAN, WAL'HAMDULILLA-HI KATHI-RAN, WAL'HAMDU-LILLA-HI KATHI-RAN, WAL'HAMDU LILLA-HI KATHI-RAN,**

[1]. Muslim 1/534.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**WASUB'HA-NALLA-HI BUKRATAN WA-ASILA, WASUB'HA-NALLA-HI BUKRATAN WA-ASILA, WASUB'HA-NALLA-HI BUKRATAN WA-ASILA, A'U'THOBILLA-HI MINAS SHAY'TA-NI MIN NAF'KHIHI WA NAF'THEHI WA HAMZIHI."**

"Allah ang Pinakadakila, Allah ang Pinakadakila, Allah ang Pinakadakila, At purihin ang Allah ng marami, At purihin ang Allah ng marami, At purihin ang Allah ng Marami, At Kaluwalhatian sa Allah sa umaga at hapon (banggitin ng tatlong beses sa wikang Arabik). Ako ay nagpapakupkop sa Allah mula sa shaytan mula sa kanyang hininga at mula sa kanyang boses at mula sa kanyang mga bulong." [1]

٣٢. اللَّهُمَّ لَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ نُورُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، وَلَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ قَيِّمُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، (وَلَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ رَبُّ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ

---

1 . Abu Dawud 1/203, Ibn Majah 1/265, at Ahmad 4/85. May naisulat si Muslim na Hadith na kasingtulad nito, 1/420.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



وَمَنْ فِيهِنَّ) (وَلَكَ الْحَمْدُ لَكَ مُلْكُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ) (وَلَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ مَلِكُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ) (وَلَكَ الْحَمْدُ) (أَنْتَ الْحَقُّ، وَوَعْدُكَ الْحَقُّ، وَقَوْلُكَ الْحَقُّ، وَلِقَاؤُكَ الْحَقُّ، وَالْجَنَّةُ حَقٌّ، وَالنَّارُ حَقٌّ، وَالنَّبِيُّونَ حَقٌّ، وَمُحَمَّدٌ حَقٌّ، وَالسَّاعَةُ حَقٌّ) (اللَّهُمَّ لَكَ أَسْلَمْتُ وَعَلَيْكَ تَوَكَّلْتُ، وَبِكَ آمَنْتُ، وَإِلَيْكَ أَنَبْتُ، وَبِكَ خَاصَمْتُ، وَإِلَيْكَ حَاكَمْتُ، فَاغْفِرْ لِي مَا قَدَّمْتُ، وَمَا أَخَّرْتُ، وَمَا أَسْرَرْتُ، وَمَا أَعْلَنْتُ) (أَنْتَ الْمُقَدِّمُ، وَأَنْتَ الْمُؤَخِّرُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ) (أَنْتَ إِلَهِي لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ)

**32. ALLA-HUMMALAKAL'HAMDU ANTA NURUS SAMA-WA-TIWAL AR'DHI WAMAN FI-HINNA, WALAKAL-'HAMDO ANTA QAYYIMOS SAMAWA-TI WAL-AR'DHI WAMAN FI-HINNA, [WALAKAL 'HAMDU ANTA RABBUS SAMAWATI-WAL-'AR'DHI WAMAN FI-HINNA], ,[WALAKAL 'HAMDU LAKA-MULKOS SAMA-WATI-WAL AR'DHI**

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**WAMA FI-HINNA], [WALAKAL 'HAMDU ANTA MALIKOS SAMA WA-TIWAL AR'DI], [WALAKAL 'HAMDU] [ANTAL 'HAQQU WAWA'ADUKAL HAQQU, WAQAWLAKAL 'HAQQU, WALIQA-UKAL 'HAQQU, WAL JANNATU HAQQUN, WAN NA-RU 'HAQQUN, WAN NABIYYU-NA 'HAQQUN. WA MU'HAMMADUN RASULULLA-HI 'HAQQUN, WAS SA-'ATU 'HAQQUN], [ALLA-HUMMA LAKA ASLAMTU WA'ALAYKA TAWAKKALTU, WABIKA A-MANTU, WAILAYKA ANABTU WABIKA 'KHA-SAMTU, WAILAYKA 'HA-KAMTU. FAGHFIRLI MA-QADDAMTO, WAMA A'KHKHARTU, WAMA ASRARTO, WAMA A'GHLANTU, ANTAL MUQADDAM , WA ANTAL MU'A'KHKHAR, LA-ILA-HA ILLA-ANTA, [ANTA ILAHI LA-ILA-HA ILLA ANTA]."**

"O Allah, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri, Ikaw ang liwanag ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito. At sa Iyo ang lahat ng puri, Ikaw ang tagapanustos ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito. [Sa Iyo ang lahat ng puri, Ikaw ang Panginoon ng mga kalangitan at lupa at ang lahat ng nilalaman nito]. [Sa Iyo ang

www.alukah.net



lahat ng puri. Sa Iyo ang pamamahala ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito]. [Sa Iyo ang lahat ng puri. Ikaw ang Hari ng mga kalangitan at kalupaan]. [Sa Iyo ang lahat ng puri]. [Ikaw ang katotohanan, ang Iyong pangako ay totoo, ang Iyong Salita ay totoo, at ang Araw nating pagtatagpo ay totoo, ang Harden ng Paraiso ay totoo at ang Apoy (Impiyerno) ay totoo, at ang mga Propeta ay totoo, Si Muhammad sknk ay totoo at ang Huling Oras ay totoo]. [O Allah! sa Iyo ako ay sumuko at sa Iyo ako ay umaasa, at sa Iyo ako ay naniwala, at sa Iyo ako ay lumingon upang magsisi, at sa Iyo ako ay nakipagtalo, at sa Iyo ako ay lumingon para hatulan. Kaya patawarin Mo ako sa aking mga nagdaang pagkakasala at sa mga kasalanan kong darating, at sa anupamang aking inililingid at nailantad]. [Ikaw ang Al-Muqaddim (Ang-Una) at Al-Mua'khkhir (Ang Huli), walang may karapatang sambahin maliban sa Iyo],

شبكة الألوكة - قسم الكتب

[Ikaw ang aking Diyos, walang may karapatang sambahin maliban sa Iyo]. [1]

## 17. [5]Mga Panalangin sa panahon ng Ruko'(pagyuko) sa As-Salat.

٣٣. سُبْحَانَ رَبِّيَ الْعَظِيْمِ ثلاث مرات

**33. "SUB'HA-NA RABBIYAL 'ATHEEM"**
*(banggitin ito ng tatlong beses sa Arabik)*

"Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Pinakadakila." [2]

٣٤. سُبْحَانَكَ اللهُ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ اللَّهُمَّ اغْفِرْلِي

[1] . "Ipagkakaloob ng Allah ﷻ sa sinumang banggitin ng pitong beses sa umaga't hapon anuman ang kanyang gustuhin dito sa Mundo at kabilang daigdig." Ibn As-Sunni (no. 71), Abu Dawud 4/321. Ang mga-ulat na ito ay pinanintwalaang galing sa Propeta ﷺ --*Marfu'*.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

رَوْعَاتِي، اللَّهُمَّ احْفَظْنِي مِنْ بَيْنَ يَدَيَّ، وَمِنْ خَلْفِي، وَعَنْ يَمِينِي، وَعَنْ شِمَالِي، وَمِنْ فَوْقِي، وَأَعُوذُ بِعَظَمَتِكَ أَنْ أُغْتَالَ مِنْ تَحْتِي

**84. ALLAHUMMAINNI AS-ALOKAL 'AFWA WAL 'A-FIYATA FID DUNYA WAL A-'KHIRAH. ALLA-HUMMA INNI AS-ALUKAL 'AFWA WAL 'A-FIYATA FI-DI-NEY WA DUNYA-YA WA AHHLI, WAMA-LEY. ALLA-HUMMASTOR 'AWRATEY, WA A-MIN RAW-'ATEY. ALLA-HUMMA'H-FA'THNI MIN BAYNI YADAYYA, WAMIN 'KHALFI, WA 'AN YAMI-NEY, WA 'AN SHIMA-LEY, WA MIN FAWQEY. WA A'U'THUBI 'A'THAMATIKA AN UGHTA-LA MIN TA'HTI."**

"O Allah, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at (pagkalooban ako ng) kagandahang-buhay dito sa lupa at sa kabilang buhay. Ya Allah, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at pangangalaga sa aking relihiyon sa aking mga makamundong hangarin, sa aking pamilya at kayamanan. Ya Allah, pagtakpan ang aking mga kahinaan at kahihiyan. Ya Allah,

www.alukah.net



alagaan ako mula sa aking harapan at likuran at mula sa aking kanan at kaliwa at sa itaas. Ako ay nagpapakupkop sa Iyong Kadakilaan sa mga nakamamatay na nagmumula sa ilalim." [1]

٨٥. اللَّهُمَّ عَالِمَ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ، رَبَّ كُلِّ شَيْءٍ وَمَلِيكَهُ، أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي، وَمِنْ شَرِّ الشَّيْطَانِ وَشِرْكِهِ، وَأَنْ أَقْتَرِفَ عَلَى نَفْسِي سُوءاً، أَوْ أَجُرَّهُ إِلَى مُسْلِمٍ.

**85. "ALLA-HUMMA 'A-LIMIL 'GAYBI WAS-SHA-DATI, FA-'TIRAS-SAMA-WA-TIWAL AR'DI, RABBA KULLI SHAY-IN WAMALI-KAHU. ASH-HADU ANLA-ILA-HA ILLA ANTA, A'U'THUBIKA MIN SHARRI NAFSI, WAMIN SHARRIS-SHAY'TA-NI WASHIRKIHI. WA-AN AQTARIFA 'ALA NAFSI-SU-AN, AW-AJURRAHU ILA –MUSLIMIN."**

[1]. Sahih Ibn Majah 2/332 at Abu Dawud.

"O Allah, ang Lubos na nakababatid sa mga (bagay na) nakalingid at nakalantad, Tagalikha ng mga kalangitan at kalupaan, Panginoon at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay. Ako ay sumasaksi na walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking kaluluwa at mula sa kasamaan ng Shaytan at ng kanyang mga pagtatambal (shirk), at mula sa mga pagkakamaling nagagawa na laban sa aking kaluluwa o mapanagutan ng kapwa Muslim."[1]

٨٦. بِسْمِ اللهِ الَّذِي لاَ يَضُرُّ مَعَ اسْمِهِ شَيْءٌ فِي الأَرْضِ وَلاَ فِي السَّمَاءِ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ (ثلاث مرات)

**86. "BISMILLA-HIL LA'THEE LA-YA'DURRO MA-'ASMIHI SHAY-ON FIL-AR'DI WALA FIS SAMA-I WAHUWAS-SAMI-'UL 'ALEEM."**
*(Banggitin ng tatlong beses sa Arabic)*

"Sa Ngalan ng Allah, na sa Kanyang pangalan ay walang mapipinsalang bagay

---

[1]. Sahih At-Tirmithi 3/142 at Abu Dawud.

www.alukah.net



dito sa lupa o sa mga kalangitan at Siya ang Lubos na Nakakarinig at Lubos na Nakababatid." [1]

٨٧. رَضِيْتُ بِاللهِ رَبـــاً، وَبِالْإِسْلَامِ دِيْنـــاً، وَبِمُحَمَّدٍ ﷺ نَبِيــاً ثلاث مرات

**87. "RA'DEYTO BILLA-HI RABBAN, WABIL ISLA-MI DI-NAN, WABIMU'HAMMADIN (sallallahu 'alihi wa sallam) NABIYYAN."**
*(Banggitin ng tatlong beses sa Arabic)*

"Ikinalulugod ko na Allah ang (aking) Panginoon at Islam ang aking relihiyon at si Muhammad bilang Propeta." [2]

---

[1] . "Sinumang isaulo ito ng tatlong beses sa umaga ay hindi tatamaan ng anumang kalamidad bago sumapit ang hapon, at sinumang isaulo ito ng tatlong beses sa hapon ay hindi ito tatamaan ng kalamidad bago sumapit ang umaga." Abu Dawud 4/323, At-Tirmithi 5/465, Ibn Majah 2/332, Ahmad. Ang mga pinagmulan ng mga pag-uulat nito kay Ibn Majah ay mabuti (Hasan), Ibn Baz, p. 39.

[2] . "Ipinangako ng Allah ﷻ na sinuman ang sabihin ito ng tatlong beses sa bawat umaga at hapon ay magkakaroon ng kasiyahan sa Araw ng Resureksiyon," Ahmad 4/337, An-Nasa'i, 'Amal Al-Yawm wal Lailah p.4, Ibn As-Sunni (no. 68), At-Tirmithi 5/465.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

٨٨. يَا حَيُّ يَا قَيُّومُ بِرَحْمَتِكَ أَسْتَغِيثُ أَصْلِحْ لِي شَأْنِي كُلَّهُ وَلاَ تَكِلْنِي إِلَى نَفْسِي طَرْفَةَ عَيْنٍ

**88. "YA 'HAYYU, YA QAYYUMU BIRA'HMATIKA ASTA'GHIY'THO ASLI'H LI SHA-'NI KOLLAHU WALA TAKILNI ILA NAFSI 'TARFATA 'AYNIN."**

"O Lalagi ng Buhay! ('Hayyu), O Walang-Katapusan! (Qayyum) sa pamamagitan ng Iyong habag, hinihiling ko ang Iyong tulong upang ituwid ang lahat kung gawa at huwag ipaubaya sa akin ang pamamahala sa aking sarili ng kahit man kisap mata." [1]

٨٩. أَصْبَحْنَا وَأَصْبَحَ الْمُلْكُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِيْنَ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَ هَذَا الْيَوْمِ فَتْحَهُ، وَنَصْرَهُ وَنُوْرَهُ، وَبَرَكَتَهُ، وَهُدَاهُ، وَأَعُوْذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِيْهِ وَشَرِّ مَا بَعْدَهُ .

[1]. Al-Hakim 1/545, Sahih At-Targhib wat-Tahrib, 1/273.

www.alukah.net
شبكة الألوكة


**89."ASBA'HNA WA-ASBA'HAL MULKOLILLA-HI RABBIL 'A-LAMEEN. ALLAHUMMA INNI AS-ALOKA 'KHAYRA HA-'THAL YAWM, FAT-'HAHU, WANASRAHU, WANURAHU, WA BARAKATAHU, WA HUDA-HU, WA-A-'U'THUBIKA MIN SHARRIMA FI-HI, WA SHARRIMA BA-'DAHU."**

"Naabot namin ang umaga at nagising sa Dakilang Kapangyarihan ng Allah, Panginoon ng mga daigdig. O Allah! hinihiling ko ang kabutihang napapaloob sa araw na ito[1], ang pagwawagi at tagumpay nito, ang ilaw at mga pagpapala at patnubay nito. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaang napapaloob sa araw na ito at mga kasamaang kasunod nito." [2]

---

[1] . Sa panghapon na panalangin ay dapat sabihin ang: *"Allahumma as-aluka 'kahyra ha-'thihil layl.."* Panginoon ko hinihiling ko sa Iyo ang kabutihan nilalaman ng gabing ito.."

[2] . Abu Dawud 4/322. Tingnan ang Ibn Al-Qaiyim, Zad Al-Ma'ad 2/373.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

٩٠. أَصْبَحْنَا عَلَى فِطْرَةِ الْإِسْلَامِ وَعَلَى كَلِمَةِ الْإِخْلَاصِ، وَعَلَى دِينِ نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ ﷺ وَعَلَى مِلَّةِ أَبِينَا إِبْرَاهِيمَ، حَنِيفاً مُسْلِماً وَمَا كَانَ مِنَ الْمُشْرِكِينَ.

**90. "ASBA'HNA 'ALA FI'TRATIL ISLA-AMI, WA-'ALA KALIMATIL I'KHLAS, WA-'ALA DEENI NABIYYINA MU'HAMMADIN (sallalla-hu 'alayhi wa sallam)) WA-'ALA MILLATI ABI-NA IBRAAHEEMA, 'HANI-FAN MUSLIMAN WAMA KA-NA MINAL MUSHRIKEEN."**

"Kami ay nagising[1] sa fitratil (relihiyon ng) Islam, at sa salita ng I'khlas (Kadalisayan ng Pananampalataya [Shaha-dah]), at sa relihiyon ng ating Propeta Muhammad ﷺ, at sa relihiyon ng ama nating Ibrahem (Abraham), na siya ay makatotohanan (sa pagsamba sa Allah) at Muslimat hindi kasama sa mga nagtatambal (sa Allah ﷻ).[2]

[1] .Kapag babanggitin mo ito sa hapon ay dapat mong sabihin ang *"Amsayna 'ala fitratil-Islam...." At tinapos namin ang araw na ito..."*

[2] . Ahmad 3/406-7, 5/123, An-Nasa'i, Amal Al-Yawm wal-Lailah (no. 34), At-Tirmithi 4/209.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



٩١. سُبْحَانَ اللهِ وَبِحَمْدِهِ (مِائَةَ مَرَّةٍ)

91. "SUB'HA-NALLA-HI WA BI'HAMDIHI" (isaulo ito ng *isang daan beses*).

"Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang lahat ng Papuri." [1]

٩٢. لاَ اِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ. (عشر مرّات) أو (مرّة واحدة عند الكسل).

**92. "LA-ILA-HA ILLALLAHU WA'HADAHU LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU WA HUWA 'ALA KULLI SHAY-'IN QADEER."**

"Walang diyos maliban sa Allah ng Nag-iisa, Siya ay walang katambal. Sa Kanyang pagmamay-ari ang kamahalan at sa Kanya ang lahat ng kapurihan at Siya ay may

---

[1] . Sinumang isaulo ito ng isang daan beses sa umaga at hapon ay hindi malalampasan ng kaninuman sa Araw ng Resureksiyon maliban sa mga taong gumawa ng higit pa rito." Al-Bukhari 4/2071.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

kakayahan sa lahat ng bagay," *(isaulo sa Arabik ng sampung beses*[1] *o di kaya ay minsan lang para mawala ang katamaran.)* [2]

---

[1] . " Isusulat ng Allah ﷻ ang sampung Hasanat (gantimpalang mabuti) sa sinumang magsaulo rito ng sampung beses sa umaga at patatawarin siya ng sampung pagkakasalang nagawa at pagkakalooban siya ng gantimpala ng magpalaya ng sampung alipin at pangangalagaan siya sa tukso ng Shaytan. Sinumang isaulo ito ng sampung beses sa gabi ay mabibigyan ng gantimpalang kasingtulad nito." An-Nasa'i, 'Amal Al-Yawm wal-Lailah (no. 24).(Sahih) Al-Albani 1/272. Ini-ulat ni Abu Hurairah ﷺ na sinabi ng Propeta: "Isusulat ng Allah ﷻ ang isang daang *Hasanat* sa sinumang banggitin ang " Walang diyos maliban sa Allah na Nag-iisa, Siya ay walang katambal. Sa Kanyang pag-aari ang kamahalan at lahat ng kapurihan. Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay," ng sampung beses sa umaga, at siya'y mapapatawad ng isang daang mga pagkakasalang nagawa. Pagkalooban din siya ng gantimpala ng makapagpalaya ng isang alipin at siya ay pangangalagaan mula sa kasmaang ng Shaytan sa buong araw hanggang takip-silim. Ang sinumang banggitin ito sa hapon ay magkakaroon ng gantimpalang kasingtulad nito." Ahmad 8/704, 16/923, Ang mga pinagdaanan nito ay lahat mabuti (Hasan), Ibn Baz, p. 44.

[2] . "Ang sinumang isaulo ito sa umaga ay magkakaroon ng gantimpala na parang naka pagpalaya ng isang alipin mula sa angkan ni Isma'el. Sampung *Hasanat* ang isusulat para sa kanya at siya ay mapapatawad ng sampung pagkakasalang nagawa at iaangat siya ng sampung baitang at mapangangalagaan mula sa kasamaan ng Shaytan hanggang hapon. Ang sinumang banggitin ito sa hapon ay magkakaroon ng gantimpalang kasingtulad nito." Abu Dawud 4/319, 3*957, Ahmad 4/60, Ibn Majah 2/331, Ibn Al-Qaiyim Zad Al-Ma'ad 2/388, (Sahih) Al-Albani 1/270.

www.alukah.net



٩٣. لاَ اِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ. (مائة مرّة إذا أصبح).

**92. "LA-ILA-HA ILLALLAHU WA'HDAHU LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU WA HUWA 'ALA KOLLI SHAY-'IN QADEER."**

"Walang diyos maliban sa Allah ng Nag-iisa, Siya ay walang katambal. Sa Kanyang pagmamay-ari ang kamahalan at sa Kanya ang lahat ng kapurihan. Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay," *(Isaulo ito ng isang daan beses sa Arabik pagkagising sa umaga).*" [1]

[1] ."Sinumang isaulo ng isang daan beses sa isang araw ay magkakaroon ng gantimpala na parang siya'y nakapagpalaya ng sampung mga alipin. Isang daang *Hasanat* ang isusulat para sa kanya at isang daang mga pagkakasala ang buburahin sa kanya at siya'y mapangangalagaan mula sa kasamaan ng Shaytan hanggang gabi. Walang sinumang mapagkakalooban ng higit nito maliban sa nakagawa ng mas higit rito." Al-Bukhari 4/95, Muslim 4/2071.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

٩٤. سُبْحَانَ اللهِ وَبِحَمْدِهِ: عَدَدَ خَلْقِهِ، وَرِضَا نَفْسِهِ، وَزِنَةَ عَرْشِهِ وَمِدَادَ كَلِمَتِهِ. (ثَلاثَ مَرَّاتٍ إِذَا أَصْبَحَ)

**94. "SUBHA-NALLA-HI WA BI'HAMDIHI: 'ADADA 'KHALQIHI, WARI'DA NAFSIHI, WAZINATA 'ARSHIHI, WA MIDA-DA KALIMATIHI."** *(banggitin ng tatlong beses sa Arabik kapag bumangon sa umaga)*

"Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang lahat ng papuri: Sa dami ng bilang ng Kanyang mga nilikha, at sa Kanyang kaluguran, at sa bigat ng Kanyang Trono (Dakilang Luklukan) at lawak (ng naisulat) ng Kanyang mga Salita."[1]

٩٥. اَللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ عِلْماً نَافِعًا، وَرِزْقًا طَيِّبًا، وَعَمَلاً مُتَقَبَّلاً. (إذا أصبح)

**"ALLAHUMMA INNI AS-ALUKA 'ILMAN NA-FI'AN, WA RIZQAN 'TAYYIBAN, WA 'AMILA MUTAQABBALAN."** *(Banggitin sa Arabik kapag bumangon sa umaga).*

---

[1]. Muslim 4/2090.

www.alukah.net شبكة الألوكة



"O Allah! hinihilingin ko sa Iyo upang ako'y pagkalooban Mo ng kaalamang makapagbibigay sa akin ng benipisyo, at mula sa Iyong mga magagandang biyaya, at mga gawaing katanggap-tanggap." [1]

٩٦. أَسْتَغفِرُ اللهَ وَأَتُوبُ إِلَيْهِ. (مَائَةَ مَرَّةً فِي الْيَوْمِ)

**"ASTA'GHFIRULLA-HA WA ATUBO ILAYH"**
*(Isaulo ito sa araw ng isang daan beses sa Arabik)*

"Hinihiling ko ang kapatawaran ng Allah at ako ay nagsisisi sa Kanya." [2]

٩٧. أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ.

(ثلاث مرّات إذا أمسى)

**97. "A'U'THO BIKALIMA-TILLA-HI MIN SHARRIMA 'KHALAQA."**

---

[1] . Ibn As-Sunni, no. 54, Ibn Majah no. 920, Ang mga pinanggalingan nito ay lahat mabuti (Hasan), Ibn Al-Qaiyim 2/375.

[2] . Al-Bukhari, Fath Al-Bari 11/101, Muslim 4/2075.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

"Ako ay nagpapakupkop sa ganap na mga Salita ng Allah mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilikha." [1]

٩٨. اَللّٰهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ. (عشر مرّات)

**98. "ALLAHUMMA SALLI WA SALLIM 'ALA NABIYYINA MU'HAMMAD."** *(Banggitin sa Arabik ng sampung beses)*

"O Allah, hinihiling namin ang Iyong kapayapaan at pagpapala ay mapasa aming Propeta Muhammad." [2]

---

[1]. Ang sinumang isaulo ito ng tatlong beses sa hapon ay mapapangalagaan mula sa mga tuklaw ng anumang insekto," Ahmad 2/290, An-Nasa'i, Amal Al-Yawm wal-Lailah no. 590, At-Tirmithi 3/187, Ibn As-Sunni no. 68. Ayon kay Al-Albani, Ibn Majah (2/226) ang mga pinagdaanan nito ay hindi nagkamali (Sahih) at sang-ayon ito kay Ibn Baz 44. Iniulat ni At-Trirmithi na ito ay mabuti (Hasan).

[2]. Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sa sinumang magsaulo ng pagpapala para sa akin ng sampung beses sa umaga at sampung beses sa hapon ay makakamit niya ang aking pamamagitan sa Araw ng Resureksiyon." Iniulat ni At-Tabarani ang Hadith na ito at kasama ng dalawang pinagdaanan nito. Ang isa sa kanila ay mapagkatiwalaan (Jayyid). Basahin ang Majma' Az-Zawaid ni Haithami 10/120 at Al-Albani Sahih At-Targhib Wat-Tarhib 1/273.

www.alukah.net

شبكة الألوكة



## 28. MGA PANALANGIN BAGO MATULOG

99. Ibuka at pagdikitin ang iyong mga palad, hihipan ito ng malumanay at pagkatapos ay isaulo ang Suratul Ikhlas, Al-Falaq at An-Nas:

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ﴿٤﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL HUWALLA-HU A'HAD. ALLA-HUS SAMAD, LAMIYALID WALAM YU-LAD, WALAM YAKULLAHU KUFUWAN A'HAD."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagka-anak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad."

شبكة الألوكة - قسم الكتب

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ﴿١﴾ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾ وَمِن شَرِّ
غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٣﴾ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِي ٱلۡعُقَدِ ﴿٤﴾
وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ﴿٥﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL A-'UTHOUBIRABBIL FALAQ, MINSHARRIMA 'KHALAQ, WAMIN SHARRI'GHA-SIQIN I'THA WAQAB , WAMIN SHARRIN-NAFFA-THA-TI FIL 'OQAD, WAMIN SHARRI 'HA-SIDIN I'THA 'HASAD."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway. Laban sa kasamaan ng mga nilikhang bagay. Laban sa kasamaan ng kadiliman kung ito ay laganap. Laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa (ng karunungang itim). At laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng mainggitin kapag siya ay naninibugho."

www.alukah.net
شبكة الألوكة



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ﴿١﴾ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ﴿٢﴾ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ﴿٣﴾ مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ﴿٤﴾ ٱلَّذِى يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ﴿٥﴾ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ﴿٦﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL-A'UTHUBIRABBINNA-S, MALIKINNA-S, ILA-HIN NA-S, MIN SHARRILWASWA-SIL 'KHANNA-S, ALLA'THE-YUWASWISUFI SUDU-RINNA-SI, MINAL JINNATI WANNA-S"

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan. Ang Hari ng sangkatauhan. Ang Diyos ng sangkatauhan. Laban sa kasamaan ng bumubulong at lumalayo (matapos bumulong). Na nagbubulong sa mga puso ng sangkatauhan. (Sila ay) Mula sa mga Jinn at Tao (na naghihikayat sa kasamaan). " (Isaulo ito ng tatlong beses sa Arabik) [1]

[1]. Ang sinumang isaulo ito ng tatlong beses sa umaga at hapon ay mapangangalagaan nila ito (bilang proteksiyon) laban sa

*At pagkatapos ay ipunas ang iyong dalawang palad sa iyong katawan at mag-umpisa sa ulo, mukha at sa katawan ng tatlong beses.* [1]

١٠٠. ﴿ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْحَىُّ ٱلْقَيُّومُ ۚ لَا تَأْخُذُهُۥ
سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ ۚ لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ مَن ذَا
ٱلَّذِى يَشْفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذْنِهِۦ ۚ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ
وَمَا خَلْفَهُمْ ۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَىْءٍ مِّنْ عِلْمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَ ۚ
وَسِعَ كُرْسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ ۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفْظُهُمَا ۚ
وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْعَظِيمُ ﴿٢٥٥﴾ ﴾ عقب كل صلاة.

**71. "ALLA-HU LA-ILA-HA ILLA HUWAL 'HAYYUL QAYYUMO LA-TA-'KHU'THUHO SINATUN, WALA NAWMULLAHU MA-FISSAMA-WA-TI WAMA FIL AR'DHI, MAN 'THALLA'THEE YASHFA'O 'INDAHU ILLA BI-**

---

anumang bagay (na masama). Abu Daud 3/22, at At-Tirmithi 5/567. Tingnan ang Sahih Tirmithi 3/182.

[1]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 9/62 at Muslim 4/1723.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



**I'THNIHE, YA-'LAMO MA-BAYNA AYDI-HIM, WAMA 'KHALFAHUM WALA YU'HI-'TU-NABISHAY-IN MIN 'ILMIHI ILLA BIMA SHA-AWISI'A-KURSIYYU-HUSSAMA-WA-TI WAL AR'DHA, WALA YAU-DUHO 'HIF'THUHUMA WAHUWAL 'ALIYYUL 'A'THEEM."** *(Isaulo ito sa bawat Pagdarasal).*

"Siya ang Allah, walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging-Buhay, ang Al-Qayyum (Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng Lahat atbp). Ang antok o idlip ay hindi maka-pangyayari sa Kanya. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino ba ang maaaring mamagitan sa Kanya malibang Kanyang pinahintulutan. Batid Niya ang nangyayari sa kanila (Kanyang nilikha) sa daigdig na ito at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay at hindi kailanman nila maaarok ang anumang Kaalaman Niya maliban sa anumang Kanyang naisin. Ang Kanyang Dakilang Luklukan ay abot ang mga kalangitan at kalupaan. At hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila."[1]

101. Sinabi rin ng Propeta ﷺ: Ang sinumang isaulo ang dalawang pinakahuling taludtod ng Surah Al-Baqarah sa gabi; ang dalawang talatang ito ay sapat na para sa kanya upang pangalagaan siya sa lahat ng masasamang bagay.

١٠١. ﴿ ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ
وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ
لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ
غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ ٢٨٥ لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفۡسًا إِلَّا
وُسۡعَهَاۚ لَهَا مَا كَسَبَتۡ وَعَلَيۡهَا مَا ٱكۡتَسَبَتۡۗ رَبَّنَا لَا
تُؤَاخِذۡنَآ إِن نَّسِينَآ أَوۡ أَخۡطَأۡنَاۚ رَبَّنَا وَلَا تَحۡمِلۡ عَلَيۡنَآ
إِصۡرٗا كَمَا حَمَلۡتَهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِنَاۚ رَبَّنَا وَلَا
تُحَمِّلۡنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِۦۖ وَٱعۡفُ عَنَّا وَٱغۡفِرۡ لَنَا

---

1 . (2:255) Sinuman ang isaulo ito bago matulog ay pagkakalooban ng Allah ng bantay at hindi ito malalapitan ni Shaytan hanggang umaga. Tingnan ang Al-Bukhari, Fath Al-Bari 4/487.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



وَٱرْحَمْنَآ ۚ أَنتَ مَوْلَىٰنَا فَٱنصُرْنَا عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٨٦﴾

**(2:285)"A-MANAR RASULUBIMA UNZILA-ILAYHI MIN-RABBIHI WAL MU-'MINU-NA, KULLON A-MANA BILLA-HI, WAMALA-IKATIHI, WAKUTUBIHI, WARUSOLIHI, LA-NUFARRIQO BAYNA A'HADIN MIN RUSOLIHI, WAQA-LO SAMI-'NA, WA ATA-'NA GHUFRA-NAKA RABBANA, WAILAYKAL MASEER. (2:286) LA-YUKALLIFULLA-HU NAFSAN ILLA-WUS-'AHA, LAHA-MA-KASABAT WA 'ALAYHA MAKTASABAT. RABBANA LA-TUA-'KHI'DHNA INNASEYNA AW A'KHTA-'NA, RABBANA WALA TA'HMIL 'ALAYNA ISSRAN KAMA 'HAMALTAHU 'ALALLA'THEENA MIN QABLINA, RABBANA WALA TU'HAMMILNA MA-LA-'TA QATALANA-BIHI, WA-'FU-'ANNA WAGHFIRLANA WAR'HAMNA, ANTAMAWLA-NA FANSURNA 'ALAL QAWMIL KA-FIREEN."**

"(2:285) Ang Sugo (na si Muhammad) ay naniniwala sa ipinadala sa kanya mula sa Kanyang Panginoon, at (gayon din) ang mga mana-nampalataya. Ang bawat isa ay naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, at sa

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Kanyang mga Sugo. At sila'y nagsasabi: "Hindi kami nagbibigay ng pagtatangi-tangi sa Kanyang mga Sugo. At sila'y nagsasabi: 'Narinig namin at kami ay tumalima. (Hinahangad namin ang) Iyong Kapatawaran, o aming Panginoon, at sa Iyo ang pagbabalik (ng lahat)." (2:286) Ang Allah ay hindi nagbibigay sa tao ng pasaning higit sa kanyang makayanan. Makakamtan niya ang bawat mabuting kanyang pinagsumikapan, at pagdurusahan niya ang kasamaang kanyang nagawa. (Manalangin) "O aming Panginoon! Huwag kaming parusahan kung kami'y makalimot o mahulog sa kamalian. O aming Panginoon! Huwag ibigay sa amin ang pasanin katulad ng Iyong ibinigay sa mga nauna sa amin. O aming Panginoon! Huwag ibigay sa amin ang pasaning higit sa aming makakayanan. Patawarin kami at igawad sa amin ang Kapatawaran, Maawa sa amin. Ikaw (O Allah) ang aming Maula (Tagapagtanggol at Tagatangkilik), at

www.alukah.net
شبكة الألوكة


ibigay sa amin ang tagumpay laban sa mga di-nananampalataya". [1]

١٠٢. باسْمِكَ رَبِّي وَضَعْتُ جَنْبِي، وَبِكَ أَرْفَعُهُ، فَإِنْ أَمْسَكْتَ نَفْسِي فَارْحَمْهَا، وَإِنْ أَرْسَلْتَهَا فَاحْفَظْهَا، بِمَا تَحْفَظُ بِهِ عِبَادَكَ الصَّالِحِينَ .

**102. "BISMIKA RABBI WA'DA-'TO JAMBI, WABIKA ARFA-'UHO, FAIN AMSAKTA NAFSI FAR'HAMHA, WAIN ARSALTAHA FA'H-FA'TH HA, BIMA TA'HFA'THUBIHI 'IBA-DAKAS SA-LIHEEN."**

"Sa Iyong Pangalan[2] aking Panginoon, ako ay nahiga, at sa Iyong Pangalan ako ay bumangon, kaya kung gusto Mong kunin ang aking kaluluwa ay pagkalooban ito ng habag at kung ibabalik Mo aking kaluluwa ay pangalagaan ito kahalintulad

[1] .(2:285-286) Ang dalawang taludtod na ito ay sapat na sinumang isaulo ito sa gabi bago matulog. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 9/94 Muslim 1/554.

[2] . "Kung mayroon man sa inyo ang bumangon (umalis) mula sa pagkahiga at bumalik ay hayaang pagpagin ng anumang tela ang kanyang higaan ng tatlong beses at bigkasin doon ang Pangalan ng Allah, sa kadahilanang hindi niya alam kung ano ang pumasok sa kanyang higaan noong siya ay wala, at sa paghiga ay dapat niyang banggitin ang...."

شبكة الألوكة - قسم الكتب

ng pangangalagang ipinagkaloob Mo sa Iyong mga matutuwid na tagapaglingkod. [1]

١٠٣. اللَّهُمَّ إِنَّكَ خَلَقْتَ نَفْسِي وَأَنْتَ تَوَفَّاهَا، لَكَ مَمَاتُهَا وَمَحْيَاهَا، إِنْ أَحْيَيْتَهَا فَاحْفَظْهَا، وَإِنْ أَمَتَّهَا فَاغْفِرْلَهَا، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْعَافِيَةَ .

**103. ALLAHUMMA INNAKA 'KHALAQTA NAFSI WA ANTA TAWAFFA-HA, LAKA MAMA-TUHA WAMA'HYA-HA, IN-A'HYAYTAHA FA'HFA'TH-HA, WA-IN AMATTAHA FAGHFIRLAHA. ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKAL 'A-FIYAH."**

"O Allah! katotohanan, Iyong nilikha ang aking kaluluwa at Ikaw ang babawi dito. Sa Iyo ang kamatayan at pagkabuhay nito. Kung papanatilihin Mo ito upang mabuhay ay pangalagaan ito at kung ito ay babawian Mo ng buhay ay patawarin ito. O Allah! hinihiling ko sa Iyo na ako'y pagkalooban ng kalusugan." [2]

---

[1]. Al-Bukhari 11/126 at Muslim 4/2084.

[2]. Muslim 4/2083 at Ahmad 2/79.

www.alukah.net



١٠٤. اللَّهُمَّ قِنِي عَذَابَكَ يَوْمَ تَبْعَثُ عِبَادَكَ. ثلاث مرات

**104. ALLAHUMMA-QINEY 'A'THA-BAKA YAWMA TAB-'ATHU 'IBA-DAKA.** *(Isaulo ng tatlong beses sa Arabik)*

"O Allah! [1] iligtas Mo ako mula sa Iyong mga kaparusahan sa araw na Iyong bubuhaying muli ang Iyong mga alipin". [2]

١٠٥. بِاسْمِكَ اللَّهُمَّ أَمُوتُ وَأَحْيَا

**105. "BISMIKA ALLAHUMMA AMU-TO WA A'HYA."**

"Sa Pangalan Mo O Allah! ako ay nabuhay at namatay." [3]

---

[1]. "Kapag gustong mahiga ang Propeta ﷺ ay nilalagay niya sa ilalim ng kanyang pisngi ang kanyang kanang kamay at sinasabi..."

[2]. Abu Dawud 4/311, tingnan Sahih At-Tirmithi 3/143.

[3]. Dito, ang pagkamatay at pagkabuhay ay mga metapora para sa pagtulog at paggising. Kaya ipinaliwanag nito ang normal na pagkakagawa ng Hadith na ito. Sa ibang mga salita ang buhay ay nauuna sa pagkamatay. Tingnan ang Kor'an 2:258, 3:156, 7:158. Tingnan ang Al-Asqalani, Fath Al-Bari 11/113, Muslim 4/2083.

١٠٦. سُبْحَانَ اللهِ (ثلاثا وثلاثين) ، وَالْحَمْدُ للهِ (ثلاثا وثلاثين) ، وَاللهُ أَكْبَرُ (أربعة وثلاثين)

**106. "SUBHANALLA-HI** (33X), **AL'HAMDU-LILLA-HI** (33X), **WALLA-HU AKBAR** (34X)."

"Kaluwalhatian sa Allah *(33 beses)*, Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah (lamang) *(33 beses)*, Ang Allah ay Dakila *(34 beses)*." [1]

١٠٧. اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ وَرَبَّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ، رَبَّنَا وَرَبَّ كُلِّ شَيْءٍ، فَالِقَ الْحَبِّ وَالنَّوَى، وَمُنْزِلَ التَّوْرَاةِ وَالْإِنْجِيلِ، وَالْفُرْقَانِ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ كُلِّ شَيْءٍ أَنْتَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهِ. اللَّهُمَّ أَنْتَ الْأَوَّلُ فَلَيْسَ قَبْلَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الآخِرُ فَلَيْسَ بَعْدَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ

[1]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 7/71, Muslim 4/2091.

www.alukah.net



الظَّاهِرُ فَلَيْسَ فَوْقَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الْبَاطِنُ فَلَيْسَ دُونَكَ شَيْءٌ، اقْضِ عَنَّا الدَّيْنَ وَأَغْنِنَا مِنَ الْفَقْرِ.

**107. "ALLAHUMMA RABBAS SAMA-WA-TIS SAB-'EY, WA RABBAL 'ARSHIL 'A'THEEM, RABBANA WA RABBA KULLI SHAY-IN, FA-LIQAL'HABBI WAN-NAWA, WAMUNAZ ZILAT-TAWRA-TI WAL INJEELI, WAL FURQA-N. A-'U'THUBIKA MIN SHARRI KULLI SHAY-IN ANTA A-'KHI'THUN-BINA-SIYATIHI. ALLAHUMMA ANTAL AWWALO FALAYSA QABLAKA SHAY-'ON, WA-ANTAL A-'KHIRO FALAYSA BA-'DAKA SHAY-'ON, WA ANTA'-THA-HIRO FALAYSA FAWQAKA SHAY-'ON, WA-ANTAL BA-'TINO FALAYSA DU-NAKA SHAY-'ON, IQ'DI 'ANNAD DAYNA WA-AGHNINA MINAL FAQRI."**

"O Allah! Panginoon ng pitong mga kalangitan at Panginoon ng Dakilang Luklukan ('Arsh), ang aming Panginoon at Panginoon ng lahat ng bagay, Tagabiyak ng buto ng palmera, at Tagapahayag ng Taurah (kay Propeta Moises ﵇) at Ebanghelyo (kay Propeta Hesus ﵇) at Furqan (Kor'an kay Propeta Muhammad ﷺ). Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa

شبكة الألوكة - قسم الكتب

kasamaan ng lahat ng bagay na sila'y Iyong dadaklutin sa kanilang mga noo[1]. O Allah! Ikaw and Una kaya walang anumang bagay na nauna sa Iyo at Ikaw ang Huli na walang bagay na pinakahuli sa Iyo. Ikaw ang Ath-Tha-hir[2] kaya walang bagay na mangingibabaw sa Iyo. Ikaw ang Baatin[3] kaya walang mas malapit sa Iyo. Alisin para sa amin ang aming mga pagkakautang at payamanin kami laban sa kahirapan." [4]

١٠٨. الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنَا وَسَقَانَا، وَكَفَانَا، وَآوَانَا، فَكَمْ مِمَّنْ لاَ كَافِيَ لَـهُ وَلاَ مُؤْوِيَ.

**108. "AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE A'T-'AMANA WASAQA-NA, WAKAFA-NA, WA-A-**

---

[1]. Basahin ang Kor'an 96:15, na kung saan ang mga dadaklutin sa kanilang noo ay itatapon sa Impiyerno.

[2]. Ath-Thaahir: ipinahihiwatig ang kadakilaan ng Kanyang mga Katangian at ang kawalang kabuluhan o saysay ng bawat nilalang pagdating sa Kanyang Kadakilaan at Kamahalan dahil Siya ay nangingibabaw sa lahat ng Kanyang nilikha.

[3]. Al-Baatin: ipinahihiwatig nito ang Kanyang kaalaman at mga kaalaman sa mga bagay na inililingid kahalintulad ng kaalaman Niya sa mga bagay na puso lamang ang nakakaalam, ito ay nagpapatunay ng Kanyang pagiging pinakamalapit sa lahat ayon sa sukat ng Kanyang Kamahalan.

[4]. Muslim 4/2084.

www.alukah.net

شبكة الألوكة



**WA-NA, FAKAM MIMMAN LA KA-FIYALAHU WALA MU-'WIYA."**

"Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, na Siyang nagpapakain at nagbibigay sa amin ng inumin at Siya ay sapat na para sa amin at kami'y Kanyang bigyan ng matitirahan, dahil ilan ang naririyan na walang (katiyakang) panustos at walang matitirahan." [1]

١٠٩. اللَّهُمَّ عَالِمَ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ، رَبَّ كُلِّ شَيْءٍ وَمَلِيكَهُ، أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي وَمِنْ شَرِّ الشَّيْطَانِ وَشَرَكِهِ، وَأَنْ أَقْتَرِفَ عَلَى نَفْسِي سُوءاً، أَوْ أَجُرَّهُ إِلَى مُسْلِمٍ.

**109. "ALLAHUMMA 'A-LIMAL GHAYBI WAS-SHAHA-DATI FA-'TIRAS SAMA-WA-TIWAL AR'DI, RABBA KULLI SHAY-IN WA-MALI-KAHU, ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLA-ANTA, A'U-THUBIKA MIN SHARRI NAFSI WAMIN**

[1] . Muslim 4/2085.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**SHARRIS SHAY'TA-NI WA-SHARAKIHI, WA-AN-AQTARIFA 'ALA NAFSEY SU-AN, AW AJURRAHO ILA MUSLIMIN."**

"O Allah! (Lubos na) Nakababatid sa mga bagay na nakalingid at nakalantad, Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan, Panginoon at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay. Ako ay sumasaksi na walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking sarili at mula sa mga kasamaan ng shirk at Shaytan, at mula sa mga pagkakamaling aking nagawa laban sa aking sarili o magiging sanhi na makapagdudulot ng kapinsalaan sa ibang mga Muslim." [1]

110- Ang Propeta ay hindi matutulog hangga't hindi niya maisaulo (sa Arabik) ang Surah As-Sajdah (Kor'an: Kabanata 32) at Surah Al-Mulk (Kor'an: Kabanata 67). " [2]

---

[1]. Abu Dawud 4/317, Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 3/142.
[2]. At-Tirmithi, An-Nasa'i. Tingnan ang Sahih Al-Jami' As-Saghir 4/255.

www.alukah.net



111. Bago pumunta sa iyong higaan ay magsagawa ng wu'dho, mahiga ng patagalid sa kanan at bigkasin ito:

١١١. اللَّهُمَّ أَسْلَمْتُ نَفْسِي إِلَيْكَ، وَفَوَّضْتُ أَمْرِيْ إِلَيْكَ، وَوَجَّهْتُ وَجْهِي إِلَيْكَ، وَأَلْجَأْتُ ظَهْرِي إِلَيْكَ، رَغْبَةً وَرَهْبَةً إِلَيْكَ، لاَ مَلْجَأَ وَلاَ مَنْجَا مِنْكَ إِلاَّ إِلَيْكَ، آمَنْتُ بِكِتَابِكَ الَّذِي أَنْزَلْتَ وَبِنَبِيِّكَ الَّذِي أَرْسَلْتَ .

**"ALLAHUMMA ASLAMTO NAFSI ILAYK, WA FAWWA'DTO AMRI ILAYK, WA WAJJAHTO WAJHI ILAYK, WA-ALJA-'TO 'THAHREY ILAYK, RAGHBATAN WARAHHBATAN ILAYK, LA-MALJA'A WALA MANJA MINKA ILLA ILAYKA. A-MANTO BIKITA-BIKAL LLA'THEE ANZALTA WABINABIYYIKAL LA'THEE ARSALTA."**

"O Allah![1] isinuko ko ang aking sarili sa Iyo at ipinagkaloob sa Iyo ang anumang pangyayari sa aking sarili. At ibinaling ang aking mukha sa Iyo, ako ay ganap na

[1]. "Bago ka pumunta sa iyong higaan ay maglinis ng katawan (wudho) na parang magdadasal at pagkatapos ay humiga ng patagilid sa kanan at sabihin..."

nananalig sa Iyo, umaasa at may pagkatakot sa Iyo. Katunayan walang makakanlungan maliban sa Iyo. Ako ay naniwala sa (Banal na) Aklat na Iyong ipinahayag at sa Propetang Iyong isinugo. [1]

**29. Mga Panalangin kapag ang isa ay bumaling ng direksiyon ng pagkahiga sa gabi.**

١١٢. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ الْوَاحِدُ الْقَهَّارُ، رَبُّ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا الْعَزِيزُ الْغَفَّارُ.

**112. "LA-ILA-HA-ILLALLAHU WA-'HIDUL QAHHA-RU, RABBUSSAMA WA-TIWAL AR'DI WAMA BAYNAHUMAL 'AZI-ZUL GHAFFAAR."**

"Walang diyos (na may karapatang sambahin) maliban sa Allah, Ang Nag-iisa, Al-Qahhaar (Ang Manlulupig), Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat sa pagitan nila, ang Al-Aziz (Ang Malakas

[1] . Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang sinumang banggitin ito at namatay sa pagtulog ay namatay sa katayuang Monotiesmo (Fitrah)," Al-Bukhari, Fath Al-Bari 114/113, Muslim 4/2081.

www.alukah.net


atbp) at Al-Ghaffaar (Ang Mapagpatawad)."[1]

**30. Ang babanggitin kapag nagkaroon ng pagkabalisa sa sarili, pagkatakot, pag-aala-ala at ganoon din sa pagtulog.**

١١٣. أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللهِ التَّامَّةِ مِنْ غَضَبِهِ وَعِقَابِهِ، وَشَرِّ عِبَادِهِ، وَمِنْ هَمَزَاتِ الشَّيَاطِيْنِ وَأَنْ يَحْضُرُوْنَ.

**113.'A'U'THOBIKALIMA-TILLA-HIT TAMMA-TI MIN 'GA'DABIHI WA'IQA-BIHI, WA SHARRI 'IBA-DIHI, WAMIN HAMAZA-TIS SHAYA-'TI-NI WA-AN YA'H-'DURUN."**

"Ako ay nagpapakupkop sa Ganap na Salita ng Allah mula sa Kanyang pagkapoot at kaparusahan, at mula sa kasamaan ng Kanyang mga alipin, mula rin sa mga kasamaan ng Kanyang mga alipin at mula

[1]. Dapat itong sabihin kapag bumaling ng deriksiyon sa gabi. Tinagurian ito ni Al-Hakim bilang kapanipaniwala at sinang-ayunan ito ni Adh-Dhahabi 1/540, Tingnan din ang An-Nasa'i, Amal Al-Yawm wal-Lailah at Ibn As-Sunni, Tingnan ang Sahih Al-Jami' As-Saghir 4/213.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

sa mga panunuya at paglitaw ng mga Shaya-tin (demonyo)." [1]

## 31. Ang gagawin kapag nananaginip ng mabuti o masama.

114. * Dumura sa kaliwa ng 3 beses.[2]

يَنْفُثُ عَنْ يَسَارِهِ (ثلاثاً)

* Magpakupkop sa Allah mula sa Shaytan at sa kasamaan ng nakita mo. (tatlong beses) [3]

يَسْتَعِيذُ بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ وَمِنْ شَرِّ مَا رَأَى (ثلاث مرات)

*Huwag sabihin kaninuman. [4]

لاَ يُحَدِّثُ بِهَا أَحَداً

* Bumaling sa direksiyon ng pagkahiga at matulog. [5]

يَتَحَوَّلُ عَنْ جَنْبِهِ الَّذِي كَانَ عَلَيْهِ

**115.** Kung gugustuhin mo ay tumayo at magdasal. [6]

يَقُومُ يُصَلِّي إِنْ أَرَادَ ذَلِكَ

---

1. Abu Dawud 4/12. Tingnan anG Sahih At-Tirmithi 3/171.
2. Muslim 4/1772.
3. Muslim 4/1772,3.
4. Muslim 4/1772.
5. Muslim 4/1773.
6. Muslim 4/1773.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



## 32. Panalangin sa Qunut sa dasal ng Witr.

١١٦. اللَّهُمَّ اهْدِنِي فِيمَنْ هَدَيْتَ، وَعَافِنِي فِيمَنْ عَافَيْتَ، وَتَوَلَّنِي فِيمَنْ تَوَلَّيْتَ، وَبَارِكْ لِي فِيمَا أَعْطَيْتَ، وَقِنِي شَرَّ مَا قَضَيْتَ، فَإِنَّكَ تَقْضِي وَلاَ يُقْضَى عَلَيْكَ، إِنَّهُ لاَ يَذِلُّ مَنْ وَالَيْتَ، (وَلاَ يَعِزُّ مَنْ عَادَيْتَ) تَبَارَكْتَ رَبَّنَا وَتَعَالَيْتَ.

**116. "ALLAHUM-MAHDINI FI-MAN HADAYTA, WA-'A-FI-NI FI-MAN 'A-FAYTA, WATAWALLANI FI-MAN TAWALLAYTA, WABA-RIKLI FI-MA A-'TAYTA, WAQINI SHARRAMA QA'DAYTA, FAINNAKA TAQ'DI WALA YUQ'DA 'ALAYKA, INNAHU LA-YA'THELLUMAN WALAYTA,[WALA YA'IZZUMAN 'A-DAYTA], TABA-RAKTA RABBANA WATA-'A-LAYTA."**

"O Allah! patnubayan Mo ako kasama sa mga taong Iyong binigyan ng gabay, at palakasin Mo ako kasama sa yaong Iyong pinagkalooban ng lakas. Ilagay ako sa Iyong pangangalaga kasama sa yaong

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Iyong pinangangalagaan. at pagpalain ako sa anumang bagay na Iyong ipinamimigay. Iligtas ako sa mga masasamang bagay na iyong Ini-uutos dahil katotohanan Ikaw ang nag-uutos at hindi utusan. Katunayan, siyang Iyong pinangalagaan ay kailanman hindi mapapahamak (at sa yaong Iyong itinuring na kaaway ay kalinman ay hindi makakalasap ng pagkadakila. Ikaw ang Ipinagpala, aming Panginoon ang Makapangyarihan." [1]

١١٧. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِكَ مِنْ عُقُوبَتِكَ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْكَ، لاَ أُحْصِي ثَنَاءً عَلَيْكَ، أَنْتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِكَ.

**117. "ALLA-HUMMA INNI-A'U'THOBIRI'DA-KAMIN SA'KHATIK, WABIMU'A-FATIKA MIN 'OQU-BATIK, WA A'U'THOBIKA MINKA, LA-O'HSEY 'THANA-AN 'ALAYK, ANTA KAMA A'THNAYTA 'ALA NAFSIK."**

[1]. Abu Dawud, Ibn Majah, An-Nasa'i, At-Tirmithi, Ahmad, Ad-Darimi, Al-Hakim at Al-Baihaqi, Tingnan ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 1/144, Sahih Ibn Majah 1/194 at Irwa Al-Ghalil 2/172.

www.alukah.net شبكة الألوكة



"O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyong kaluguran mula sa Iyong galit at ako ay nagpapakupkop sa Iyong kapatawaran mula sa Iyong pagpaparusa at ako ay nagpapakupkopsa Iyo mula sa Iyo. Hindi ko kayang isalaysay ang Iyong mga kapurihan. Ikaw ay Ikaw, kung paano Mo pinuri ang Iyong Sarili." [1]

١١٨. اللَّهُمَّ إِيَّاكَ نَعْبُدُ، وَلَكَ نُصَلِّي وَنَسْجُدُ، وَإِلَيْكَ نَسْعَى وَنَحْفِدُ، نَرْجُو رَحْمَتَكَ، وَنَخْشَى عَذَابَكَ، إِنَّ عَذَابَكَ بِالْكَافِرِينَ مُلْحَقٌ، اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْتَعِينُكَ، وَنَسْتَغْفِرُكَ، وَنُثْنِي عَلَيْكَ الْخَيْرَ، وَلاَ نَكْفُرُكَ، وَنُؤْمِنُ بِكَ، وَنَخْضَعُ لَكَ، وَنَخْلَعُ مَنْ يَكْفُرُكَ.

**118."ALLA-HUMMA IYYA-KANA-'BUD, WA LAKA NUSALLI WANASJUDO, WAILAYKA NAS-'A WANA'HFIDU, NARJU RA'HMATAKA, WANA'KHSHA 'A'THA-BAKA, INNA 'A'THA-**

---

[1] . Abu Dawud, Ibn Majah, An-Nasa'i, At-Tirmithi, Ahmad. Tingnan Sahih At-Tirmithi 3/180, Sahih Ibn Majah 1/194 at Irwa Al-Ghalil 2/175.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**BAKA BILKA-FIREENA MUL'HAQ. ALLA-HUMMA INNA-NASTA'EENUKA, WA NASTAGH-FIRUKA, WANU'THNEE 'ALAYKAL-KHAYR, WALA-NAKFURUKA, WANU-'MINU BIKA, WANA'KH'DA'OLAKA WANA'KHLA'U MAN YAKFURUKA."**

"O Allah! Ikaw lamang ang aming sinasamba at sa Iyo kami ay nagdarasal at nagpatirapa, Sa Iyo, kami ay nag-apura para sumamba at maglingkod [sa Iyo]. Kami ay umaasa sa Iyong mga pagpapala at natakot sa Iyong kaparusahan, katunayan ang Iyong parusa ay para sa mga di-nanampalataya. O Allah! inaasam namin ang Iyong tulong at kapatawaran, at Ikaw ay aming pinuri ng lahat ng kabutihan at (kailanman) hindi kami tatanggi ng paniniwala sa Iyo at kami ay naniwala at nananalig sa Iyo. Kami ay sumuko sa Iyo at tatanggihan namin ang sinumang hindi maniwala sa Iyo." [1]

---

[1] . Tinagurian ito ni Al-Baihaqi bilang kapani-paniwala sa As-Sunnan Al-Kubra. Sinabi ni Al-Albani sa Irwa Al-Ghalil 2/170 na ang mga pinagdaanan nito ay lahat kapani-paniwala ayon din sa mga kasabihan ni Umar.

www.alukah.net



## 33. Mga Panalangin Pagkatapos ng salam sa witr.

١١٩. سُبْحَانَ الْمَلِكِ الْقُدُّوسِ

**119. " SUB'HA-NAL MALIKIL QUDDOOS"**

"Kaluwalhatian sa Hari, ang Banal". (Isaulo sa Arabik ng tatlong beses subalit sa pangatlo ay itaas ng bahagya ang boses ng may kahabaan at idagdag ito:

**"RABBIL MALA-IKATI WAR-RUH"** رَبِّ الْمَلائِكَةِ وَالرُّوحِ

"Panginoon ng mga Anghel at Espiritu (Anghel Gabriel)." [1]

## 34. Panalangin sa panahon ng kapighatian at pag-alala.

١٢٠. اللَّهُمَّ إِنِّي عَبْدُكَ، ابْنُ عَبْدِكَ، ابْنُ أَمَتِكَ، نَاصِيَتِي بِيَدِكَ، مَاضٍ فِيَّ حُكْمُكَ، عَدْلٌ فِيَّ قَضَاؤُكَ،

[1]. An-Nasa'i 3/244, Ad-Darqutni at iba.. Ang pinakahuling mga pagdadagdag ay mula kay Ad-Darqutni 2/31 at ang mga pinagdaanan nitong nag-ulat ay kapani-paniwala, Tingnan ang pagsusuri sa Zad Al-Ma'ad ni Shu'aib Al-Arnaut at AbdulQader Al-Arnaut 1/337.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

أَسْأَلُكَ بِكُلِّ اسْمٍ هُوَ لَكَ، سَمَّيْتَ بِهِ نَفْسَكَ، أَوْ أَنْزَلْتَهُ
فِي كِتَابِكَ، أَوْ عَلَّمْتَهُ أَحَداً مِنْ خَلْقِكَ، أَوِ اسْتَأْثَرْتَ بِهِ
فِي عِلْمِ الْغَيْبِ عِنْدَكَ، أَنْ تَجْعَلَ الْقُرْآنَ رَبِيعَ قَلْبِي،
وَنُورَ صَدْرِي، وَجَلاَءَ حُزْنِي، وَذَهَابَ هَمِّي .

**120. "ALLA-HUMMA INNI 'ABDUKA IBNU 'ABDIKA IBNO AMATIKA NA-SIYATI BIYADIKA, MA-'DIN FIYYA 'HUKMUKA, 'ADLON FI QA'DA-UKA AS-ALOKA BIKULLI ISMIN HUWA LAKA SAMMAYTA BIHI NAFSAKA AW-ANZALTAHU FI-KITA-BIKA, AW 'ALLAMTAHU A'HADAN MIN 'KHALQIKA AWISTA-'THARTA BIHI FI 'ILMIL GHAYBI 'INDAKA AN TAJ-'ALAL QUR-A-NA RABI-'A QALBEY, WA NU-RA SADREY WAJALA-A 'HUZNEY WA'THA-HA-BA HAMMEY"**

"O Allah! ako ay Iyong alipin, anak ng Iyong lalaking alipin, anak ng Iyong (babaing) alipin. Ang aking Nasiyah[1] ay sa Iyong mga kamay. Ang Iyong mga ipinag-uutos sa akin ay dapat maisagawa ng

[1] . Nasiyah (Forelock) ito ang likuran ng noo at pinaniniwalaan na ito ang pook ng pag-iisip sa ulo ng tao.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



walang hanggan at ang Iyong kaatasan sa Akin ay makatarungan. Hinihiling ko sa Iyo at sa bawat Pangalan Mo na Iyong ipinangalan sa Iyong sarili o ipinahayag sa Iyong Aklat o itinuro sa sinuman sa Iyong mga nilikha, o Iyong pinanatili sa mga lingid na kaalamang Nasasaiyo, na Iyong ginawa ang Kor'an bilang siyang buhay ng aking puso at ilaw ng aking dibdib, at tagapaglayo ng aking mga kapighatian at tagapag-alis ng aking mga pangamba." [1]

١٢١. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْهَمِّ وَالْحَزَنِ، وَالْعَجْزِ وَالْكَسَلِ، وَالْبُخْلِ وَالْجُبْنِ، وَضَلَعِ الدَّيْنِ وَغَلَبَةِ الرِّجَالِ

**121. " ALLA-HUMMA INNI A'U'THOBIKA MINAL HAMMI WAL'HAZANI, WAL-'AJZI WAL KASALI, WALBU'KHLI WALJUBNI, WA 'DALA'IDDAYNI WA 'GALABATIR RIJA-LI "**

"O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pangangamba at mga kapighatian, mula sa kahinaan at

[1]. Ahmad 1/391 at tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

katamaran, at mula sa kakuriputan at kahinaang-loob, at madaig ng utang at magapi ng tao (kalalakihan at iba).

## 35. [3]MgaPanalangin ng isang napapaloob sa matinding paghihirap.

١٢٢. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ الْعَظِيْمُ الْحَلِيْمُ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيْمُ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ رَبُّ السَّمٰوَاتِ وَرَبُّ الأَرْضِ وَرَبُّ الْعَرْشِ الْكَرِيْمُ

**122. "LA-ILA-HA ILLALLA-HUL A'THEEMUL' HALEEM, LA-ILA-HA ILLALLAHU RABBUL 'ARSHIL 'ATHEEM, LA-ILA-HA ILLALLAHU RABBUS SAMA-WA-TI WA RABBUL 'AR'DI WA RABBUL 'ARSHIL KAREEM."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ang Dakilang Mapagtimpi (Maawain). Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, Panginoon ng Dakilang Luklukan. Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah Panginoon ng mga

www.alukah.net



kalangitan at Panginoon ng kalupaan at Panginoon ng Maluwalhating Luklukan." [1]

١٢٣. اللَّهُمَّ رَحْمَتَكَ أَرْجُو فَلاَ تَكِلْنِي إِلَى نَفْسِي طَرْفَةَ عَيْنٍ، وَأَصْلِحْ لِي شَأْنِي كُلَّهُ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ .

**123. "ALLA-HUMMA RA'HMATAKA ARJU FALA TAKILNI ILA NAFSI 'TARFATA 'AYNI, WA-ASLI'HLI SHA-'NEY KULLAHO, LA-ILA-HA ILLA-ANTA."**

"O Allah! ang Iyong awa ang siyang aking inaasam-asam, kaya huwag pabayaan ang aking sarili kahit man kisapmata, pakituwid para sa akin ang lahat kong gawa. Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Iyo."[2]

١٢٤. لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ سُبْحَانَكَ إِنِّي كُنْتُ مِنَ الظَّالِمِيْنَ.

---

[1]. Al-Bukhari 8/154, Muslim 4/2092.

[2]. Abu Dawud 4/324, Ahmad 5/42. Tiangurian ni Al-Alabani bilang mabuti sa Sahih Abu-Dawud 3/959.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

**124. "LA-ILA-HA ILLA ANTA SUB'HA-NAKA INNI KUNTO MINA'TH 'THA-LIMEEN."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Iyo. Kaluwalhatian sa Iyo. Katunayan, ako noon ay kasama sa mga gumagawa ng mga kamalian." [1]

١٢٥. اللهُ اللهُ رَبِّي لاَ أُشْرِكُ بِهِ شَيْئاً.

**125. "ALLA-HU, ALLA-HU RABBI LA USHRIKO BIHI SHAY-AN"**

"Siya ang Allah, Allah ang aking Panginoon, Hindi ko Siya ipagtatambal kaninuman." [2]

## 36. [3]Mga Panalangin kapag naka-sagupa ng kaaway o sa mga may kapangyarihan.

١٢٦. اللَّهُمَّ إِنَّا نَجْعَلُكَ فِي نُحُوْرِهِمْ وَنَعُوْذُ بِكَ مِنْ شُرُوْرِهِمْ.

[1] . At-Tirmithi 5/529. Dumiklara si Al-Hakim na ito ay kapani-paniwala at sinag-ayunan siya ni Ath-Thahabi 1/505. Tingnan na rin ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 3/168.

[2] . Abu Dawud 2/87. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 2/335.

www.alukah.net



**126. "ALLA-HUMMA INNA NAJ-'ALOKA FI NU'HURIHIM WANA'U'THO BIKA MIN SHORURIHIM"**

"O Allah! hinihiling namin Iyo upang sila'y pigilin sa kanilang mga leeg at kami'y nagpapakupkop sa Iyo mula sa kanilang mga kasamaan." [1]

١٢٧. اللَّهُمَّ أَنْتَ عَضُدِي، وَأَنْتَ نَصِيرِي، بِكَ أَجُوْلُ، وَبِكَ أَصُوْلُ، وَبِكَ أُقَاتِلُ.

**127. " ALLA-HUMMA ANTA 'A'DUDEY, WA ANTA NASI-REY, BIKA AJU-LO, WABIKA ASU-LO, WABIKA UQA-TILU"**

"O Allah! Ikaw ang aking lakas at Ikaw ang Tagatulong sa akin, dahil sa Iyo, ako ay gumalaw, at dahil sa Iyo ako ay sumulong at dahil sa Iyo ako ay nakipagpatayan." [2]

١٢٨. حَسْبُنَا اللهُ وَنِعْمَ الْوَكِيْلُ.

**128. 'HASBUNALLA-HU WANI-'MAL WAKEEL"**

---

[1] . Abu-Dawud 2/89 at tinagurian ito ni Al-Hakim bilang kapani-paniwala at sinang-ayunan ito ni Ath-Thahabi 2/142.

[2] . Abu Dawud 3/42, At-Tirmithi 5/572. Sahih At-Tirmithi 3/183.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

"Ang Allah ay sapat na para sa amin at pinaka-mahusay na Tagapagtanggol." [1]

## 37. [2] Mga Panalangin laban sa isang pang-aapi ng mga may kapangyarihan.

١٢٩. اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ، وَرَبَّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ، كُنْ لِي جَاراً مِنْ فُلاَنِ بْنِ فُلاَنٍ، وَأَحْزَابِهِ مِنْ خَلاَئِقِكَ، أَنْ يَفْرُطَ عَلَيَّ أَحَدٌ مِنْهُمْ أَوْ يَطْغَى، عَزَّ جَارُكَ، وَجَلَّ ثَنَاؤُكَ، وَلاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ.

**129. " ALLA-HUMMA RABBAS SAMA-WA-TIS SAB'EY, WA RABBAL 'ARSHIL 'ATHEEM, KUN LEY JA-RAN MIN (banggitin ang pangalan ng tao) WA A'HZA-BIHI MIN 'KHALA-IQIKA, AN YAFRUTA 'ALAYYA A'HADUN MINHUM AW YA'T'GA, 'AZZAJA-RUKA, WA JALLA'THANA-UKA, WALA-ILA-HA ILLA ANTA."**

"O Allah! Panginoon ng pitong mga kalangitan, Panginoon ng Dakilang

---

[1]. Al-Bukhari, 5/172.

www.alukah.net



Luklukan, pagkalooban Mo ako ng tulong laban kay (banggitin ang pangalan ng tao) at ang kanyang mga katulong na nagmumula sa Iyong mga nilikha, na maaaring mayroon sa kanila ang makapahamak sa akin o di kaya ay gawan ako ng pagkakamali. Makapangyarihan ang Iyong pagtangkilik at kadakilaan sa Iyong mga kapurihan. Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Iyo." [1]

١٣٠. اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَعَزُّ مِنْ خَلْقِهِ جَمِيعاً، أَللهُ أَعَزُّ مِمَّا أَخَافُ وَأَحْذَرُ، أَعُوْذُ بِاللهِ الَّذِي لاَ إِلَهَ إِلاَّ هُوَ، الْمُمْسِكِ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ أَنْ يَقَعْنَ عَلَى الأَرْضِ إِلاَّ بِإِذْنِهِ، مِنْ شَرِّ عَبْدِكَ فُلاَنٍ، وَجُنُوْدِهِ وَأَتْبَاعِهِ وَأَشْيَاعِهِ، مِنَ الْجِنِّ وَالإِنْسِ، اللَّهُمَّ كُنْ لِيْ جَاراً مِـــنْ شَرِّهِمْ،

[1] . Al-Bukhari, Al-Adab Al-Mufrad (no. 707), tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih Al-Adab Al-Mufrad (no. 545).

شبكة الألوكة - قسم الكتب

جَلَّ ثَنَاؤُكَ وَعَزَّ جَارُكَ، وَتَبَارَكَ اسْمُكَ، وَلاَ إِلَهَ غَيْرُكَ.

ثلاث مرات

**130. " ALLA-HU AKBAR, ALLA-HU A-'AZZU MIN 'KHALQIHI JAMI-'AN, ALLA-HU A-'AZZU MIMMA A'KHA-FU WA-A'H'THARU, A-'U'THU BILLAHIL LA'THEE LA-ILA-HA-ILLA-HUWA, ALMUMSIKIS SAMA-WA-TIS SAB-'EY AN YAQA-'NA 'ALAL AR'DI ILLA-BI-ETH-NIHI, MIN SHARRI 'ABDIKA** (*banggitin ang pangalan ng tao*). **WA JUNU-DIHI WA-ATBA'IHI WA ASHYA-'IHI, MINAL JINNI WAL-INSI. ALLA-HUMMA KUN LEY JA-RAN MIN SHARRIHIM, JALLA THANA-UKA WA-AZZA JA-RUKA, WATABA-RAKASMUKA, WALA-ILA-HA GHAYRUKA."** *(Isaulo ito ng tatlong beses sa Arabik)*

"Ang Allah ay Dakila, Makapangyarihan ng Lubos kaysa lahat Niyang nilikha, Ang Allah ay mas Makapangyarihan kaysa sa mga taong kinatatakutan at kinasisindakan ko. Ako ay nagpapakupkop sa Allah, na sa Kanya'y walang ibang diyos maliban sa Kanya. Hawak Niya ang pitong mga kalangitan upang ito'y hindi malaglag sa daigdig maliban sa Kanyang

www.alukah.net
شبكة الألوكة


kapahintulutan. (Ako ay nagpapakupkop sa Iyo, ya Allah) mula sa kasamaan ng Iyong alipin (*banggitin ang pangalan ng tao*) at sa mga katulong niya, kanyang mga tagasunod at tagatangkilik mula sa mga Jinn at tao. Ya Allah! Ikaw ang katulong ko laban sa kanilang kasamaan. Dakila sa Iyong mga kapurihan at Makapangyarihang lubos ang Iyong pagtangkilik. Kaluwalhatian sa Iyong Pangalan, walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Iyo." [1]

## 38. Panalangin sa isang kaaway.

١٣١. اللَّهُمَّ مُنْزِلَ الْكِتَابِ، سَرِيْعَ الْحِسَابِ، اهْزِمِ الأَحْزَابَ، اللَّهُمَّ اهْزِمْهُمْ وَزَلْزِلْهُمْ.

**131. "ALLA-HUMMA MUNZILAL KITA-BI, SARI-'AL 'HISA-BI, IHZIMIL A'HZA-BA, ALLA-HUMMA IHZIMHUM WAZALZILHUM."**

[1] . Al-Bukhari, Al-Adab Al-Mufrad (no. 708). Tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih Al-Adab Al-Mufrad (no. 546).

شبكة الألوكة - قسم الكتب

"O Allah! Tagahayag ng ( Banal na) Aklat, Mabilis sa pagbibilang, lupigin ang pangkat (ng mga di-nananampalatàya), O Allah! Talunin Mo sila at yanigin sila." [1]

## 39. Ang babanggitin kapag nangamba na baka ikaw ay saktan ng (mga) tao.

١٣٢. اللَّهُمَّ اكْفِنِيهِمْ بِمَا شِئْتَ.

**132. "ALLA-HUMMAK FINI-HIM BIMA SI-'TA."**

"O Allah! pagkalooban Mo ako ng kasapatan (pangangalaga) laban sa kanila, anuman ang Iyong naisin." [2]

## 40. [3]Mga Panalangin kapag ikaw ay nagkaroon ng pag-aalinlangan sa iyong pananampalataya.

١٣٣. يَسْتَعِيذُ بِاللهِ وَيَنْتَهِي عَمَّا شَكَّ فِيهِ.

133. Kinakailangang magpakupkop sa Allah

[1]. Muslim 3/1362.
[2]. Muslim 4/2300.

www.alukah.net
شبكة الألوكة



**(A'U'THOBILLAHI MINASSHAY'TA-NIR RAJEEM)** at alisin sa isipan ang anumang pag-aalinlangan at manalig o ipaubaya ang lahat sa Allah. [1]

١٣٤. آمَنْتُ بِاللهِ وَرُسُلِه

134. Banggitin ang **"A-MANTO BILLA-HI WARUSULIHI."**

"Ako ay naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo." [2]

١٣٥. يَقْرَأُ قَوْلَهُ تَعَالَى: هُوَ ٱلْأَوَّلُ وَالآخِرُ وَالظَّهِرُ وَالْبَاطِنُ وَهُوَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ.

135. Kailangan naring banggitn ang: **"HUWAL AWWALU WAL A-'KHIRU WA'THTHA-HIRU WAL BA-'TINU, WAHUWA BIKULLI SHAY IN 'ALEEM."**

"Siya ang kauna-unahan at kahuli-hulihan, ang Ath-tha-hir (Kataas-taasan) at Al-

---

[1]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 6/336, Muslim 1/120.
[2]. Muslim, 1/119-20.

شبكة الألوكة - قسم الكتب

Ba'tin (Pinakamalapit) at batid Niya ng lubos ang lahat ng bagay." [1]

## 41. [2]Mga Panalangin upang makabayad sa pagkakautang.

١٣٦. اللَّهُمَّ اكْفِني بِحَلالِكَ عَنْ حَرَامِكَ وَأَغْنِنِي بِفَضْلِكَ عَمَّنْ سِوَاكَ.

**136."ALLA-HUMMAKFINI BI'HALA-LIKA 'AN 'HARA-MIKA WA A'GNI-NEY BIFA'DLIKA 'AMMAN SIWAAK."**

"O Allah! Gawing sapat sa akin ang anumang Iyong pinayagan bilang kapalit ng anumang Iyong ipinagbawal at gawin akong malaya ng pangangailangan sa iba maliban sa Iyo." [2]

١٣٧. اللهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْهَمِّ وَالْحَزَنِ، وَالْعَجْزِ وَالْكَسَلِ، وَالْبُخْلِ وَالْجُبْنِ، وَضَلَعِ الدَّيْنِ وَغَلَبَةِ الرِّجَالِ.

---

[1] . 57:3, Abu Dawud 4/329, Tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti sa Sahih Abu-Dawud, 3/692.

[2] . At-Tirmithi 5/570. Sahih At-Tirmithi 3/180.

**137. "ALLA-HUMMA INNI A-'U'THOBIKA MINAL HAMMI WAL'HAZANI WAL 'AJZI WAL KASALI. WAL BUKHLI WAL JUBNI. WA 'DALA'IDDAYNI WA 'GALABATIR RIJA-LI."**

"O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pagkabalisa at mga paghihinagpis, at mula sa mga kahinaan at katamaran, kakuripotan at kaduwagan, at mga pasanin sa pagkakautang at magapi ng tao (i.e. ibang tao)." [1]

## 42. Panalangin ng isang naka-karamdam ng mga bulong ng Shaytan sa panahon ng pagdarasal o pagsasaulo.

١٣٨. أَعُوْذُ بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيْمِ . تْفُلْ عَلَى يَسَارِكَ ثَلاَثاً

